

Proyektong Panturismo

Isang proyektong panturismo ang gagawin ng mga mag-aaral sa ikatlo at ikaapat na markhan. Sa huling linggo ng ikaapat na markahan, bawat grupo ay bibigyan ng 30 minuto upang ibahagi ang kanilang proyekto. Maaaring gumamit ng Power Point Presentation. Mas magiging kapana-panabik ang gagawing presentasyon kung ipapaskil ang mga poster ilang araw bago sumapit ang linggo ng presentasyon.

Ang presentasyon ay dapat makahimok ng mga turista. Maaaring hatiin ang mga nakikinig/manonood (ang kanilang mga kaklase) sa iba't ibang pangkat:

1. turistang nais makilala ang kanilang bayan
2. opisyal ng lokal na gobyerno
3. mananaliksik na gagawa ng dokumentaryo tungkol sa kanilang bayan
4. manunulat na gagawa ng libro tungkol sa kanilang bayan
5. mga opisyal ng Department of Tourism

Sa tulong ng mga nakikinig, maaaring pumili ang guro ng pinakamahusay na pangkat. Bukod sa pinakamahusay na grupo, maaari ding magkaroon ng hiwalay na gantimpala para sa pinakamagan-dang poster, blog, travel brochure at AVP.

Ang Ikaapat na Araw ay maaaring gamitin para sa Proyektong Panturismo. Kung may nalalabi pang oras, maaari ding gawin ang mga mungkahing gawain para sa Ikaapat na Araw na matatagpuan sa unang bahagi ng Unang Markahan.

Mga Bahagi ng Proyekto

Maaaring ipaliwanag ang poster bilang introduksiyon sa kanilang proyekto.

A. Poster

Ano ang kuwento sa likod ng kanilang disenyo? Bakit ninyo ito napili?

Ang poster ang magsisilbing representasyon ng kanilang paksa, grupo, at mensahe. Sa pamamagitan ng poster, magkakaroon ng ideya ang inyong mga kaklase at ibang tao sa kagandahan ng kanilang bayan na maaaring hindi pa nila alam. Gumamit ng mga retrato o imahen na talagang magpapakita ng dapat asahan ng mga tao sa gagawing presentasyon. Ang poster rin ay magagamit ninyo bilang buod ng inyong proyekto. Maganda kung mayroon itong pamagat.



B. Presentasyon

Ano ang paksa ng kanilang proyekto? Ano ang kanilang mga nalaman tungkol dito?

Ang mga layunin ng inyong presentasyon:

1. Masagot ang 10 gabay na tanong na binigay bago ninyo umpisahan ang proyekto
2. Mahikayat ang mga taong subukan ang pinag-aralang pagkain/produkto/kasiyahan/lugar at iba pa
3. Maipaliwanag ng may kaayusan, kabuuan, at kaisahan ang pagsusuri
4. Maipakita ang kagandahan at katangi-tanging kuwento ng inyong bayan
5. Makapagbigay ng paraan o mga paraan kung paano ninyo mapalalaganap ang inyong proyekto (Halimbawa: Nais ninyong ipaskil ang inyong poster sa ibang paaralan, ipa-imprenta ang inyong travel brochure sa tulong ng lokal na grobyerno at ipadala sa ibang bayan, isali ang inyong blog site sa mga website na panturismo, ilagay sa youtube ang inyong AVP at iba pa)

C. Travel Brochure

Ano-ano ang mga lugar na maaaring puntahan upang lalong makilala ang paksa?

Ang travel brochure ay maglalaman ng mga lugar na nais dalawin ng mga tao upang maging kumpleto ang kanilang karanasan. Piliin lamang ang detalyeng ilalagay dito dahil kaunti lang ang maaaring isulat na pangungusap. Lagyan rin ng magandang disenyo at retrato kung mayroon.

1. Tatlo o higit pang lugar na dapat puntahan
2. Ang kahalagahan ng bawat lugar
3. Mga makikita at maaaring gawin doon

Manang Mely's



Kung nais ninyong manuod at sumubok maglala ng basket, sumbrero, o bag, dapat ninyong puntahan ang Manang Mely's. Mura ang mga produkto dito at matitibay. Maraming nanay, dalaga at kababaihan ang makikita ditong gumagawa ng basket at iba pang kagamitan. Mayroon ding ilang kalalakihang dito naghahanap-buhay. Maraming isagoyante ang kumukuha ng mga produkto dito at ipinagbibili sa ibang lugar.

Ilog Alho

Huwag kalimutang pumunta sa Ilog Alho. Dito ay marami kayong makikilalang mangingisdang tinuturing na matalik na kaibigan ang ilog. Sagana ito sa isda at malinaw ang tubig kaya't marami rin ang pumupunta dito upang magsaya at lumangoy.



Bundok Yator

Maraming paraan upang maakyat ang Bundok Yator. Ang iba ay hinihila ng kalsabaw, naglalakad ngunit hindi kayo dito ang saakyan. Kaya't maaaring mag-arkila ng motorsiklo. Marahil, hindi mo makakalimutan ang pag-akyat at pagbaba ng bundok kapos nakasakay sa motorsiklo. Sa bundok makikita ang iba't ibang pananim. Tiyak na magugustuhan mo ang tanawin.

D. Blog

Ano ang mga importanteng impormasyong nais ninyong ibahagi sa iba?

Narito ang mga maaaring ilagay sa inyong blog:

1. Mga karanasan habang kayo ay nangangalap ng impormasyon
2. Mga taong inyong nakilala
3. Mga impormasyong inyong natuklasan
4. Saloobin o opinyon tungkol sa paksa, karanansan, lugar, at iba pa
5. Mga mungkahing gawain kung pupunta ang isang turista sa iyong bayan at nais itong makilala
6. Maaari niyo ring ipakita o ipakilala dito ang mga produkto, pagkain, kasiyahan, tao, kabuhatan na inyong sinuri

Narito ang ilang kilalang blog sites:

www.wordpress.com

www.blogspot.com

www blogger.com

www.tumblr.com



E. Audio-visual presentation (AVP)

Paano nila hihikayating bumisita ang ibang tao sa kanilang bayan?

Ilan sa mga maaaring ipakita sa AVP:

- Retratong may caption o maikling paliwanag
- Maikling kuha or video (hal: aktuwal na paggawa ng pagkain, ng mayor na tumutulong, ng pista o kasiyahan)
- Maikling pag-uulat mula sa mag-aaral (Hal. Mag-aaral na nagbabahagi ng kasaysayan ng simbahan habang nasa labas ng simbahan)

Buod ng Linggo 21

Linggo	21	Lunsarang Teksto	"Pugad Baboy 6" ni Pol Medina Jr.
Tema	Mga Tunggalian		
Batayang Pangnilalaman		Batayang Kakayahan	Lingguhang Tunguhin
Pag-unawa sa Napakinggan (PN)		PN3A	PN3Aa
Pagsasalita (PA)		PA3A	PA3Ac
Pag-unawa sa Binasa (PB)		PB3A, PB3B	PB3Ab, PB3Ba
Pagsulat (PU)		PU3A	PU3Ae
Tatas		TA1-4C, TA1-4D	
Pakikitungo sa Wika at Panitikan		PW1-4A, PW1-4B	
Estratehiya sa Pag-aaral		EP1-4A, EP1-4B	

LINGGO 21

Araw	Panimulang Pagtaya	Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 1		Pagpapakita at pagpapabasa sa mga mag-aaral ng isang komiks ni Pol Medina Jr. na may pamagat na "Pimple" (Pugad Baboy 6, pahina 1) (10 minuto)	Pagpapakilala ng bagong akdang babasahin, at ng manunulat, pagbasa ng "Braces" (50 minuto)				
Araw 2				Pagbabalik-aral sa mga detalyeng napag-usapan at tinalakay sa nakaraang sesyon Pagpapasagot sa mga gabay na tanong	Pagpapaliwanag ng direkta at di-direktang isyung napapaloob sa akda Pagpapangkat ng klase batay sa	Pagbuod ng mga sagot ng grupo (15 minuto)	

Araw	Panimulang Pagtaya	Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 2				batay sa itinakdang babasahin (15 minuto)	isyung nakalap (30 minuto)		
Araw 3							Pagbabalik-aral sa tinalakay Pagpapatukoy kung sino ang maaaring nag-sasalita sa diyalogong hinango sa komiks (may patunay) Pagsusuri ng isa pang halimbawa ng komiks (35 minuto) Pagsulat ng mga talata (25 minuto)
Araw 4							Pagtataya sa Pagtataya (60 minuto)

I. Mga Kagamitan

- Kopya ng "Pimple" (Pugad Baboy 6, pahina 1)
- Kopya ng "Braces" (Pugad Baboy 6, pahina 3)
- Kopya ng "The Gwapigs" (Pugad Baboy 6, Pahina 30)

II. Pamamaraan

Unang Araw

- Panimulang Pagtaya/Pagganyak/Introduksiyon (10 minuto)
Ipakita at ipabasa sa mga mag-aaral ang isang komiks ni Pol Medina Jr. na may pamagat na "Pimple" (Pugad Baboy 6, pahina 1). Magsisilbi itong pagganyak sa klase.
- Presentasyon (30 minuto)
 - Mula sa pagganyak, ipakilala ang bagong akdang babasahin upang mapakilala rin siya sa mga mag-aaral. Magsaliksik sa talambuhay ng manunulat na si Pol Medina Jr.

2. Muling balikan ang ipinabasang komiks at iwan sa mga mag-aaral ang mga tanong na:
 - Ano ang napansin ninyo sa binasang akda?
 - Kung ikukumpara sa mga naunang napag-aralang akda (tula, maikling kuwento, sanaysay), ano ang naiibang katangian ng komiks?
 - Nagustuhan mo ba ang ayos o daloy ng mga pangyayari?
 - Malinaw ba ang mga detalye sa akda? Paano?
 - Balikan ang mga larawang ginamit sa komiks. Nakatulong ba ito sa pagkukuwento ng akda? Bakit?
3. Bigyan ng panahon ang mga mag-aaral na iproseso ang mga tanong at sagot. Pagkatapos nito, tumawag ng mga mag-aaral na magbabahagi ng kanilang mga sagot.
4. Makabubuting ipasulat sa pisara ang mga sagot upang kilalanin ang mahalagang kontribusyon ng mga mag-aaral sa talakayan.
5. Iproseso ang mga nakalap na sagot at magkaroon ng paglalahat hinggil sa kahulugan at katangian ng komiks.

Bilang paghahanda sa susunod na sesyon, ipabasa ang komiks na “Braces” ni Pol Medina. Siguraduhing may sipi ang mga mag-aaral at ianunsyo ang check-up quiz (maaaring sa pamamagitan ng laro, maikling pagsusulit o markadong talakayan) tungkol sa pinabasang akda.

Ikalawang Araw

a. Pagpapayaman (15 minuto)

1. Magbalik-aral sa mga detalyeng napag-usapan at tinalakay sa nakaraang sesyon hinggil sa kahulugan at katangian ng komiks.
2. Ipasagot ang sumusunod na tanong tungkol sa “Braces:”
 - Sino-sino ang mga tauhan sa komiks?
 - Saan-saang tagpuan ang ginamit sa komiks?
 - Batay sa binasang komiks, bakit “Braces” ang pamagat?
3. Iproseso ang mga isinagot ng mag-aaral. Siguraduhing sa bawat sagot ay may kaukulang patunay o paliwanag ang mag-aaral upang suportahan ang kanilang tugon.

b. Pagpapalawig (30 minuto)

1. May ilang isyung panlipunan ang inilarawan sa komiks. Ipaliwanag sa klase ang direkta o di-direktang isyung napapaloob sa akda.
2. Pagpangkat-pangkat ang klase sa limang grupo. Ilahad sa klase ang mga isyu at hayaang magkalap ang mga pinuno ng grupo ng kani-kaniyang opinyon o katwiran kaugnay sa nakapaloob na isyu sa binasang komiks.

Pangkat	Isyu / Paksa	Bahagi ng Akda	Opinyon at Katwiran
1	BRACES bilang paraan upang magmukhang mayaman	“Yun bang bakal na nakabalot sa ngipin para magmukha kang mayaman...”	
2	BRACES bilang pamporma ng mga artista	“... Paborito ng mga artista ‘yun eh!”	
3	BRACES para maging “in”	“E, Pa, uso kasi ang braces ngayon eh. Gusto ko lang maging ‘in’...”	
4	BRACES bilang status symbol	“Gusto ng anak kong magpalagay ng braces kahit walang sungki ang ngipin n’ya. Status symbol daw ‘yon...”	
5	Kulturang Pinoy	“Yan ang hirap sa’ting Pinoy e... Hindi bale nang magutom, basta’t makaporma lang...”	

c. Sintesis (15 minuto)

Bilang paglalahat, ipabuod sa mga mag-aaral ang naging sagot ng bawat grupo. Bagamat ang akda ay tumutuligsa sa ilang hindi ganoon kagandang kaugalian ng mga Filipino, iwan pa rin sa klase

ang hamon kung paano magiging positibo ang mga kaugaliang ito at kung paano ito isasabuhay. Pag-usapan din ang iba pang kaugaliang Filipino na karaniwang iniisip na nakakasama, ngunit maaaring gawing positibo.

Ikatlong Araw

- a. Pangwakas na Pagtataya (35 minuto)
 1. Magbalik-aral sa tinalakay noong nakaraang pagkikita.
 2. Simulan ito sa kahulugan, katangian, at halimbawa ng komiks.
 3. Isama rin ang binasang komiks na "Pimple" at "Braces."
 4. Bigyang-tuon ang komiks na "Braces."
 5. Sa pamamagitan nito, ipatukoy sa mga mag-aaral kung sino ang maaaring nagsasalita sa mga dayalogong hango sa komiks. Humingi rin ng patunay sa kanilang sagot.

Bilang	Bahagi ng Akda	Posibleng Nagsasalita at Katangian Niya	Patunay
1	"Senyorito, ipinatatanong ni Senyorita kung ano ang ulam natin ngayon..."		
2	"E, Pa, uso kasi ang braces ngayon e, gusto ko lang maging 'in'..."		
3	"Gusto ng anak kong magpalagay ng braces kahit walang sungki ang ngipin n'ya..."		
4	"Puro utang na tapos maghost pa sa Miss Universe!!!"		
5	"Baliktad ano? Dapat, 'We are a poor country pretending to be rich.'"		
6	"Sa Tagalog, Hindi bale nang magutom, basta't makaporma lang. Pwe!"		

- 6. Matapos iproseso sa klase ang mga sagot, sumunod na ipabasa ang komiks na "The Gwapigs" ni Pol Medina Jr., pahina 30, ikalawang kahon.
- 7. Itanong sa mga mag-aaral:
 - a. Sino-sino ang tauhan?
 - b. Batay sa maikling daloy ng pangyayari, paano mo mailalarawan ang tauhan?
 - c. Matapos mabasa ang komiks, sa iyong palagay, kalian naganap ang mga pangyayari? Patunayan.
- 8. Iproseso ang sagot sa klase.
- b. Pagtataya sa pagtataya (25 minuto)
 1. Pasulatin ang mga mag-aaral ng tig-isang talatang naglalahad ng sanhi at bunga ng bawat komiks na kanilang binasa:

KOMIKS	PAKSA (Sanhi at Bunga ng...)
"Pimple"	Pagiging Metikulo sa Katawan/Mukha ng mga Filipino
"Braces"	Pagiging Maporma ng mga Filipino
"The Gwapigs"	Pagiging Reaksiyonaryo ng mga Filipino

- 2. Maaaring sumangguni sa apendiks para sa rubrik ng sulatin.

Ikaapat na Araw

- a. Pagtataya sa pagtataya (60 minuto)
 - Mamili sa mga mungkahing gawain para sa Ikaapat na Araw.

Buod ng Linggo 22 at 23

Linggo	22 at 23	Lunsarang Teksto 1	Sipi mula sa “Tutubi Tutubi ‘Wag Kang Magpahuli sa Mamang Salbahe” ni Jun Cruz Reyes
Tema	Mga Tunggalian	Lunsarang Teksto 2	“Taglish Hanggang Saan?” ni Bienvenido Lumbera
Batayang Pangnilalaman	Batayang Kakayahan	Lingguhang Tunguhin	
Pag-unawa sa Napakinggan (PN)	PN3A	PN3Ab, PN3Ae	
Pagsasalita (PA)	PA3A, PA3B	PA3Aa, PA3Ab, PA3Ac, PA3Ad, PA3Ae, PA3Bb, PA3Bc, PA3Bc	
Pag-unawa sa Binasa (PB)	PU3A	PU3Ac, PU3Ah, PU3Aj	
Pagsulat (PU)	PB3A, PB3B	PB3Aa, PB3Ab, PB3Af, PB3Ba, PB3Bb	
Tatas	TA1-4C, TA1-4D		
Pakikitungo sa Wika at Panitikan	PW1-4A, PW1-4B		
Estratehiya sa Pag-aaral	EP1-4A, EP1-4B		

LINGGO 22

Araw	Panimulang Pagtaya	Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 1			Pagbibigay linaw sa mga konsepto (20 minuto)	Pagbuo ng <i>concept map</i> (15 minuto)	Talakayan sa kalayaan (25 minuto)		
Araw 2						Pagsulat tungkol sa sariling ideya ng kalayaan (40 minuto)	Peer evaluation at pagbabahagi (20 minuto)
Araw 3			Pagpapakilala ng pananaliksik (60 minuto)				
Araw 4	Pagpapakilala ng talasalitaan para sa susunod na linggo (20 minuto)				Kakatwa ang wika ko (40 minuto)		

I. Mga Kagamitan

- a. Kopya ng sipi mula sa “Tutubi Tutubi ‘Wag Kang Magpahuli sa Mamang Salbahe” ni Jun Cruz Reyes
- b. Kopya ng talasalitaan (Manila paper)

II. Pamamaraan

Unang Araw

- a. Presentasyon (20 minuto)

Bigyang linaw ang mga ideya sa loob ng panitikan. Talakayin ang mga iniwang gabay na tanong noong nakaraang linggo.

Talakayin rin ang mga sumusunod:

- Ideya ng kalayaan para sa kabataan.
- Pagiging strikto ng magulang, guro, at gobyerno.
- Pangangailangan ng mga tuntunin – ang pagbigay ng tao sa kaniyang passion na minsan ay hindi isinasaalang-alang ang proseso.

- b. Pagpapayaman (15 minuto)

Brain Dump: Isulat ang salitang kalayaan sa pisara at ipabuo ang *concept web* tungkol sa kalayaan.

- Sino ang mga taong naiisip natin kapag naririnig ang salitang kalayaan?
- Ano ang mga lugar na naiisip natin kapag sinabi ang salitang kalayaan?
- May mga pangyayari bang nagpapaalala sa atin ng kalayaan?

Bigyan ang mga bata ng 10 minuto upang magsulat ng kahit anong ideya nila tungkol sa paksa. Pagkatapos magsulat, bigyan sila ng ilang minuto upang tingnan ang mga nakasulat na salita sa pisara.

- c. Pagpapalawig (20 minuto)

Piliin ang mga interesanteng sagot ng bata sa nabuong map. Talakayin ang ideya ng kalayaang litaw sa nabuo nilang *concept web*. Subukang katasin ang ideya ng kabutihan sa likod ng mga kilos na ito. Linawin na ang ideya ng kalayaan ay umiikot hindi sa kakayahang gawin ang lahat ng maaari kung hindi sa ideyang dapat na gawin ang nararapat na akma sa konteksto at sitwasyon. Hindi ito simpleng paggawa ng gusto para sa sarili; tungkol ito sa magagawa ng sarili para sa nakararami.

Ikalawang Araw

- a. Sintesis(40 minuto)

Subuking sagutin ang mga sumusunod na tanong:

Ayon sa mga napag-usapan sa loob ng klase, ano na ngayon ang ideya ko ng kalayaan?

Paano ko maisasakatuparan ang konsepto ko ng kalayaan ngayong ako ay mag-aaral pa lamang?

- b. Pangwakas na Pagtataya (20 minuto)

Magpares-pares at magsagawa ng isang *peer evaluation*. Pagkatapos ng ebalwasyon, pumili ng ilang magbabahagi ng kanilang mga naisulat.

Ikatlong Araw

- a. Introduksiyon sa Pananaliksik (60 minuto)

Hatiin ang klase sa grupong may tigililimang miyembro. Ipakilala sa klase ang mga sumusunod na tanong. Pabunutin sila ng mga tanong na dapat nilang sagutin. Bigyan sila ng 15 minuto upang gawin ang ehersisyong ito.

1. Ilang banyo mayroon ang buong paaralan?
2. Ano ang pinakanakabubusog na kombinasyon ng pagkaing mabibili sa canteen gamit lamang ang sampung piso?

3. Kapanayamin ang isang guro at itanong ang mga sumusunod:
 - a. Ano ang buo nilang pangalan?
 - b. Saan sila nagtapos ng pag-aaral?
 - c. Ano-ano ang itinuturo nilang asignatura?
 - d. Ano ang paborito niyang lugar sa paaralan?
4. Ilang guro mayroon sa faculty room?
5. Ano ang mga makikita sa pinakamataas na bahagi ng paaralan?
6. Ano ang mga katabing lugar ng paaralan?

Maaaring magdagdag ng mga tanong na mas aangkop sa mga interes ng mag-aaral. Ipabahagi sa mga mag-aaral ang kanilang mga nahanap. Bigyan sila ng sampung minuto upang makapaghanda at magpresenta.

Tanungin sila kung ano ang ginawa nila. Ipaliwanag sa kanila na ang ginawa nila ay isang uri ng pananaliksik. Isa-isahin ang mga hakbang na dinaanan sa pananaliksik.

1. Mga tanong o paksa na gustong masagot
2. Fieldwork
 - a. Pag-ikot upang mahanap ang sagot
 - b. Pakikipanayam
 - c. Libro
 - d. Internet
3. Presentasyon ng saliksik

Ipakilala ang gagawing pananaliksik tungkol sa sariling bayan. Ang inaasahang *output* ng mga bata para sa proyektong ito ay isang *brochure* na magpapakilala sa mga maipagmamalaki ng kanilang bayan sa mga sumusunod na aspekto:

- mga pagkain
- mga kilalang tao
- mga pasyalan
- mga artifact
- mga pagdiriwang
- mga produkto

Ikaapat na Araw

PAALALA: Maaaring sundin ang sumusunod bilang angkop na gawain para sa pagtataya sa pagtataya o kaya'y mamili sa mga mungkahing gawain para sa Ikaapat na Araw (nasa Gabay ng Guro para sa Unang Markahan).

- a. Talasalitaang tatalakayin sa linggo bago ipauwi ang kuwento (20 minuto)

Gamitin ang mga sumusunod na salita sa isang pangungusap kapag ibinahagi sa mga mag-aaral.

 - o syntax – pagkakaayos ng salita sa loob ng pangungusap
 - o articulate – pagiging matatas sa paggamit ng wika
 - o sensibility – bilis o talas ng kamalayan
 - o superficial – pakunwari lamang
 - o intellectual – taong matalino
 - o sarcastic – nanunuyang pahayag
 - o profound – mayroong malalim at dakilang kaalaman, kung sa tao; bagay na nangangailangan ng malalim na pag-aaral, kung sa ideya o konsepto
 - o unawa – pag-intindi
 - o matatas – mahusay sa paggamit ng wika
 - o malimit – hindi madalas, minsan
 - o hangad – kagustuhan
 - o nagsisikap – nagsisipag

- b. Panimulang Pagtaya (40 minuto)
Pumasok ng klase, gamit ang mga kakaibang salita.
1. Maaaring gumamit ng wika noong dekada 70 tulad ng repapips, ermats at erpats, at kung ano-ano pa.
 2. Gumamit ng Jejemon o salitang "Beki." Hal. Chaka; Tom Jones – Gutom; Lala – kakain o lalamon; Itey – ito; Siney Itey – Sino ito; Tohmooch o Kurak – Tama; Ditey na aketch – Dito na ako; Gorabells – Go, sige na.
 3. Magsalita gamit ang isang wikang banyaga na may halong lokal na wika.
Gawin ito sa loob ng 10 minuto at subukang bumuo ng isang diyalogo sa loob ng klase. Subukang suriin ang magiging reaksiyon ng mga bata sa ginawang pananalita. Tanungin ang mga sumusunod pagkatapos ng ehersisyo:
 1. Bakit ganoon ang inyong naging reaksiyon?
 2. Akma ba ang ganitong uri ng pananalita ayon sa ating sitwasyon sa loob ng klase? Kapag kausap ang isang guro? Ang punong-guro?
 3. Maaari ba itong gamitin sa pagsulat?
 4. Naiintindihan ba ng buong klase ang ginamit na pananalita?
Maaaring gamitin ang natitirang oras para sa pagtalakay pa ng kanilang naisulat.

LINGGO 23

Araw	Panimulang Pagtaya	Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 1		Pagkilala sa limitasyon at kakayahan (20 minuto)	Pagbasa ng sanaysay (15 minuto)	Talakayan sa wika (25 minuto)			
Araw 2				Pagbabagong morpopone-miko (40 minuto)	Pagbabahagi ng wika ko (20 minuto)		
Araw 3						Ehersisyo sa pagpili ng salita (10 minuto)	Pagsulat: Ano ang wika ng isang Filipino? (50 minuto)
Araw 4	Pagpapakilala ng talasalitaan para sa susunod na linggo (20 minuto)				Kakatwa ang wika ko (40 minuto)		

I. Mga Kagamitan

- a. Kopya ng panitikan
- b. Kopya ng talasalitaan (Manila paper)
- c. Intermediate pad
- d. Cartolina o oslo paper para sa poster
- e. Pangkulay

II. Pamamaraan

Unang Araw

- a. Introduksiyon (20 minuto)

Magsimula sa pagtalakay ng limitasyon at kakayahan. Ano ba ang kakayahan at limitasyon ng isang:

1. hose (maaaring palitan kung may gamit na mas akma sa karanasan ng mga bata)
2. tsinelas (maaaring palitan kung may gamit na mas akma sa karanasan ng mga bata)
3. tao

Subukang kutkutin ang kanilang utak at bungkalin ang mga ideya. Huwag tumigil sa mga karaniwang gamit ng mga nabanggit na bagay. Maglaan ng limang minuto para sa unang dalawang bagay, at sampung minuto naman para sa huli. Siguraduhing makahugot ng mga ideyang kakaiba at di-karaniwan.

- b. Presentasyon (15 minuto)

Basahin ang sanaysay sa klase. Bigyang diin sa pagbasa ang mga sumusunod na linya ng sanaysay. Basahin nang dalawang beses ang mga linya kung kinakailangan.

1. Dahil sa binubuo ito ng mga salitang galing sa dalawang wikang not of the same family, makitid ang range of expresiveness nito.
2. At kahit na sa ranks ng Americanized Filipino intellectual, ang profounder aspects of cultural alienation ay hindi kayang lamnin nang buong-buo ng Taglish.
3. Dahil dito, maraming stylistic and logical gaps na nakaka-interfere sa pag-uunawaan ng manunulat at mambabasa.

- c. Pagpapayaman (25 minuto)

Subukang ipasagot ang mga sumusunod na tanong sa klase. Kumuha ng mga sagot mula sa iba't ibang mag-aaral sa klase. Maglaan ng sampung minuto para sa unang tanong at labinlimang minuto para sa ikalawa. Itala ang mahahalagang punto ng kanilang sagot sa isang Manila paper.

1. Ano ba ang halaga ng wika para sa isang tao? Ipaliwanag.
 - a. Subukang kunin ang sagot na komunikasyon.
 - b. Palalimin ang talakayan sa pagsasabing hindi lamang sa pananalita naipahahayag ang gustong sabihin.
 - c. Subukan pang kumuha ng sagot liban sa komunikasyon at palawigin pa ito.
2. Ano ba ang halaga ng wika para sa isang bansa? Ipaliwanag.
 - a. Maaaring talakayin ang Filipinas at ang iba't ibang uri ng wikang ginagamit sa Filipinas.
 - b. Subukang tunguhin ang sagot na identidad.
 - c. Kapag nakuha na ang sagot na ito, tanungin sa mga mag-aaral kung ano ba ang ideya nila ng identidad.
 - d. Tanungin rin kung may ideya ba ng identidad ang wika sa Filipinas, gayong marami tayong wikang lokal.

Ikalawang araw

a. Pagpapalawig (40 minuto)

Pansinin ang mga sumusunod na pangungusap:

Tagalog : Naglaro ang bata sa labas ng bahay.

Ilonggo: Naghampang ang bata sa guwa sang balay.

Cebuano: Nagdula ang bata sa gawas sa balay.

Boholano: Nagduwa ang bata sa gawas sa bay.

Tiboli: Nekofi anak sa fubay.

1. Ano kaya ang sinasabi ng mga pangungusap na ito?
2. Ano sa palagay ninyo ang mga pandiwa sa mga ibinigay na pangungusap? Bakit niyo nasabi ito?
3. Ano pa ang mga salitang nakikilala ninyo sa mga pangungusap na ito? Pareho ba sila ng gamit sa pangungusap?
4. Ano kaya ang sinasabi nito tungkol sa wikang Filipino? Saan sila nagkakaiba? Saan sila nagkakapareho?

Bigyang pansin ang istruktura ng pangungusap at ang paraan ng paggamit sa mga pandiwa at pangngalan. Upang mabigyang linaw ang mga ideya ng pananalitang Filipino balikan rin ang mga naka-bold na salita sa loob ng nabasang akda. Bakit kaya ganoon ang gamit ng mga salita sa loob ng akda? Normal ba ito o sinusubukan lang nitong magbago para tanggapin ang wika?

Talakayin pagkatapos ang pagbabagong morpoponemiko sa mga salitang Filipino.

(Paalala: hindi mahalagang alam ng mga mag-aaral ang terminong morpoponemiko)

1. Kapag nagsisimula ang salitang-ugat sa B o P at nagtatapos ang isang panlapi sa NG nagiging M ang NG.
 - a. mang + bilog > mang → mam + bilog = mambilog
Minsan tinatanggal na rin ang unang titik upang pagdugtungin ang panlapi at salitang-ugat.
 - b. pang + palo > pang → pam + palo = pamalo
 - c. mang + biro > mang → mam + biro = mamiro
2. Kapag nagsisimula ang salitang-ugat sa D, L, R, S, at T at nagtatapos ang isang panlapi sa NG nagiging N ang NG.
 - a. mang + daya > mang → man + daya = mandaya
 - b. mang + loko > mang → man + loko = manloko
 - c. pang + regalo > pang → pan + regalo = panregalo
 - d. pang + susi > pang → pan + susi = pansusi
 - e. pang + tawag > pang → pan + tawag = pantawag
3. Kapag nagsisimula ang salitang-ugat sa mga patinig na A, E, I, O at U at nagtatapos ang isang panlapi sa NG nilalagyan ito ng gitling.
 - a. labing + isa → labing-isa
 - b. labing + anim → labing-anim
 - c. pang + aso → pang-aso
4. Isa sa mga karaniwang gamit ng gitling sa wikang Filipino ay sa pag-uulit.
 - a. isa-isa
 - b. ano-ano
 - c. sino-sino
 - d. alin-alin
 - e. araw-araw

Paano kaya kung gamitin ang panlaping **pang** kasama ng isang salitang inuulit tulad ng **araw-araw**?

b. Pagpapayaman (20 minuto)

Lagumin ang mga ideyang nabuo sa talakayan. Subukang pagtagiin ang kanilang mga sagot. Bumuo ng grupong may tiglilimang miyembro. Gumawa ng isang poster na sasagot sa sumusunod na tanong. Mahalagang hindi maglagay ng limitasyon sa kung anong konteksto ang dapat kapalooban ng sagot. Hayaan silang maging maharaya sa pagbuo ng ideya.

Paano ko maibabahagi ang paggamit ng wikang Filipino?

Ikatlong Araw

a. Sintesis (10 minuto)

Ehersisyo sa pagpili ng angkop na wika: layon ng ehersisyong itong hasain ang pagpili ng mga mag-aaral sa kanilang mga salita.

Salungguhitan ang mga salitang maaaring palitan ng mas angkop na wikang Filipino sa loob ng pangungusap.

1. Nagsagawa ng imbestigasyon ang mga pulis pangkalawakan.
2. Mainit ngayon sa Maynila.
3. Pumasok ang mga estudyante sa eskuwelahan.
4. Nagbabasa ako ng diyaryo tuwing umaga.
5. Mahusay siyang gumamit ng diksiyonaryo.

Mga sagot:

1. imbestigasyon → pagsisiyasat
2. mainit → maalinsangan
3. estudyante at eskuwelahan → mag-aaral at paaralan
4. diyaryo → pahayagan
5. diksiyonaryo → talasanggunian

b. Pangwakas na Pagtataya: (50 minuto)

Pagsulat: Ano ang wika ng isang Filipino?

Ayon sa mga naging talakayan sa loob ng klase, ano kaya ang wikang ginagamit ng isang Filipino? Ipaliwanag at pangatwiran sa loob ng isang sanaysay na may angkop na simula, gitna, at wakas. Hindi dapat ito kulangin ng apat na talata at hindi dapat higit pa sa anim na talata.

Ikaapat na Araw

a. Pangwakas na Pagtataya (60 minuto)

Mamili sa mga mungkahing gawain sa Ikaapat na Araw.

Buod ng Linggo 24

Linggo	24	Lunsarang Teksto	"Ang Kapangyarihan ng Wika, Ang Wika ng Kapangyarihan" ni Conrado de Quiros
Tema	Mga Tunggalian		
Batayang Pangnilalaman		Batayang Kakayahan	Lingguhang Tunguhin
Pag-unawa sa Napakinggan (PN)		PN3A	PN3Af, PN3Ag
Pagsasalita (PA)		PA3A, PA3B	PN3Aa, PN3Ab, PN3Ac, PN3Ad, PN3Ae, PA3Bb
Pagsulat (PU)		PU3A	PU3Aj
Pag-unawa sa Binasa (PB)		PB3A	PB3Af, PB3Ba, PB3Bb
Tatas		TA1-4A, TA1-4B, TA1-4C, TA1-4D	
Pakikitungo sa Wika at Panitikan		PW1-4A, PW1-4B	
Estratehiya sa Pag-aaral		EP1-4A	

LINGGO 24

Araw	Panimulang Pagtaya	Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 1	Pagbabalik-aral sa nakaraang sesyon (10 minuto)	Tsismisan (20 minuto)	Pagtatanong (5 minuto)	Talakayan (25 minuto)			
Araw 2	Ang Filipinas ay <i>call center capital</i> ng mundo (5 minuto)			Talakayan (25 minuto)	Pangkatang Gawain (30 minuto)		
Araw 3	Korea-novela (5 minuto)			Talakayan (10 minuto)	Debate (30 minuto)		Pagsulat (15 minuto)
Araw 4							Proyektong Panturismo (60 minuto)

I. Mga Kagamitan

II. Pamamaraan

Unang Araw

- a. Panimulang Pagtaya (10 minuto)
Pagbabalik-aral sa aralin ng nakaraang-linggo.
Ano ang taglish?
Hanggang saan dapat itong gamitin?
Higit ba tayo magiging Filipino sa paggamit nito?

- b. Introduksiyon (20 minuto)

TSISMISAN.

- Bumuo ng limang pangkat na may apat na kasapi.
- Papiliin ang bawat pangkat ng isang magsasaulo ng pangungusap na ibibigay ng guro.
- Ang pangungusap: *Mary Mac's mother's making Mary Mac marry me. My mother's making me marry Mary Mac. Will I always be so merry when Mary's taking care of me? Will I always be so merry when I marry Mary Mac?* (mula sa kanta ng Carbon Leaf)
- Pabulong na ipapasa ng unang kasapi sa kasunod ang pahayag na kaniyang naisaulo.
- Pabulong na ipapasa ang pangungusap hanggang makaabot ito sa huling kasapi.
- Kapag nakuha na ng huling kasapi ang pangungusap, isusulat niya ito sa pisara.
- Huhugahan ng klase (na hindi kasali sa tsismisan) ang pinakamalapit na pahayag sa orihinal na pangungusap.

Itanong sa mga mag-aaral:

- Bakit magkakaiba ang nakasulat?
- Bakit hindi natandaang mabuti ang mga salitang ginamit sa pangungusap?
- Para saan ang wika?
- Para saan ang mga salita?

- c. Presentasyon (5 minuto)

Inaasahang nabasa na nila ang sanaysay, kaya simulan na lamang sa pagtatanong nito:

- Sino sa inyo ang may alagang hayop?
- Ano ang kanilang pangalan?
- Paano mo sila kinakausap?
- Anong wika ang gamit ninyo? Bakit?
- Ano ang diyaryong binabasa sa inyo? Anong istasyon ng radyo ang pinakikinggan ninyo?
- Ano ang wikang ginagamit dito?

- d. Pagpapayaman (25 minuto)

1. Ipabasa nang malakas ang Talata 3. Ano ang sinasabing gamit ng wika? Ipaliwanag.
2. Bakit nasabi sa Talata 4 na: "... malaki ang halaga ng Ingles bilang isang paraan ng komunikasyon"? Ipaliwanag ang sagot. Bigyang-patunay ang inyong pananaw.
3. Bakit napakahalaga ng wikang Ingles sa "paglalakbay ng isip"?
4. Masasabi bang ang wikang Ingles ang susi sa pag-unlad ng Filipinas?

Ikalawang Araw

- a. Panimulang Pagtataya (5 minuto)

- Bakit kaya nabansagan ang bayang Filipinas na isa sa *call center capital* ng mundo?
- Pagbabalik-aral: Masasabi bang ang wikang Ingles ang susi sa pag-unlad ng Filipinas?

- b. Pagpapayaman (25 minuto)

- Ipaliwanag ang kasaysayan ng bansang Thailand ayon sa Talata 8-10. Ano ang ipinupunto rito ng manunulat?
- Ipabasa nang malakas ang Talata 11. Ano ang isa pang halaga ng wika?
- Ayon sa akda, sa paanong paraan ka nagkakaroon ng kapangyarihan kapag marunong ka ng wikang Ingles?

- Ayon sa akda, ano ang pagkakaiba ng Amerika at Espanya sa paraan ng pananakop sa bayang Filipinas?
 - Sino ang higit na naging epektibo sa pananakop? Bakit? Ano-anong mga detalye sa akda ang makapagpapatunay rito?
- c. Pagpapalawig (30 minuto)
- PANGKATANG-GAWAIN:
- » Naniniwala ba kayo sa pananaw na ito: “Sa bayang ito, nadaragdagan ka ng kapangyarihan kapag natuto kang umingles.”
 - » Ano ang inyong mungkahi upang higit na mapalawig ang wikang pambansa?
 - Bigyan ng dalawampung minutong pag-uusap ang mga pangkat.
 - Maglaan ng sampung minuto para makapag-ulat ang ilang grupo.

Magbigay ng takdang-aralin.

1. Sino si Conrado de Quiros? Ano ang karaniwan niyang isinusulat?
2. Kailan kaya naisulat ang akdang ito?
3. Para sa anim na batang pipiliin ng guro: maghanda sa isang debate.
Ang pagtatalunan: Dapat nang tanggalin na *official language* ang Ingles. Bibigyan ng pitong minuto ang bawat panig para magpaliwanag, dalawang minuto para magtanong, at limang minuto upang sagutin ang mga katanungan.

Ikatlong Araw

- a. Panimulang Pagtaya (5 minuto)
- Sino ang mga nanonood ng “Korea-novela”? Bakit ninyo ito pinapanood?
 - Bakit kaya may dubbing na Filipino ito? Bakit kaya hindi wikang Ingles ang ginamit sa dubbing?
 - Sino si Conrado de Quiros? Ano ang karaniwan niyang isinusulat?
 - Kailan kaya naisulat ang akdang ito? Ano-anong detalye sa akda ang magpapatunay nito?
- b. Pagpapayaman (10 minuto)
- Ipabasa nang malakas ang Talata 19. Ano ang kahulugan ng sinabing ang wika ay kultura at sensibilidad? Bakit?
- Ano ang kahulugan ng pamagat?
 - Ano ang iminumungkahi ng akda sa pagkakaroon ng wikang makapagbubuklod sa bayan? Ipaliwanag ito.
 - Ano-anong detalye sa akda ang magpapalakas sa kaniyang mungkahi?
 - Ano ang inyong pananaw sa mungkahi ng may-akda?
- c. Pagpapalawig (30 minuto)
- Maghain ng isang debate.

Gumawa ng dalawang grupo na may tatlong kasapi.

Paksa: Ayon sa Konstitusyon ng Filipinas, ang *official language* ay Filipino at Ingles.

Pagtatalunan: Dapat nang tanggalin na *official language* ang Ingles.

Para sa mga makikinig:

- Itala ang mga punto ng bawat panig.
 - Maghanda ng sariling opinyon ukol sa pinagtatalunan.
- d. Pangwakas na Pagtataya (15 minuto)
- Pagsulat: Ibigay ang sarili ninyong pananaw ukol sa isang batas na nais ipanukala sa kongreso na gawin ang wikang Ingles bilang *medium of instruction* sa lahat ng paaralan.

Ikaapat na Araw

Proyektong Panturismo (60 minuto)

- Hatiin ang klase sa sampung pangkat.
- Ang bawat pangkat ay magsasaliksik ukol sa bayan na kinaluluklukan ng paaralan.
 - > Magtakda ng isang paksang dapat saliksikin ng bawat pangkat. Nasa ibaba ang mga halimbawa ng paksa at ang mga gabay na tanong sa kanilang sasaliksikin.
 - ◇ Sikat na pagkain ng bayan
 - » Ano-ano ang masasarap na pagkaing nagpasikat (o magpapasikat) sa inyong bayan?
 - » Saan ito matatagpuan? Saan ito itinitinda? Mapa?
 - » Ano-ano ang sangkap para lutuin ito? Paano ito niluluto?
 - » Ano ang mga dapat tandaan sa pagluluto nito?
 - ◇ Sikat na mga personalidad ng bayan
 - » Sino-sino ang maituturing na bayani ng bayan? Mga sikat na personalidad? Mga nagpasikat sa bayan? Mga modelong maituturing?
 - » Bakit sila sikat? Ano ang kuwento sa likod ng kanilang kasikatan?
 - » Saan sila nakatira? Ipinanganak? Kamag-anak?
 - ◇ Mga produkto ng bayan
 - » May mga produkto ba sa bayan na laging binabalik-balikan ng mga hindi tagarito?
 - » Bakit ito binabalik-balikan?
 - » Saan ito matatagpuan? Mabibili?
 - » Saan ito yari? Bakit ito dapat na ipagmalaki?
 - ◇ Mga pagdiriwang sa bayan
 - » Anong mga kapistahan ang ipinagdiriwang sa bayan?
 - » Anong mga aktibidad ang ginagawa ng buong bayan?
 - » Bakit ipinagdiriwang ang mga ito hanggang sa kasalukuyan?
 - » Ano ang halaga nito sa kasaysayan ng bayan?
 - ◇ Kasaysayan ng bayan
 - » Paano nagsimula ang bayang ito?
 - » Saan nagmula ang pangalan nito?
 - » Sino-sino ang mahahalagang tauhan na may kaugnayan sa pagsilang ng bayang ito?
 - » Ano ang kuwento ng bayang ito?
 - ◇ Mga lugar at pasyalang sikat sa bayan
 - » Ano-anong lugar ang laging pinapasyalan ng mga tagarito?
 - » Ano-anong lugar ang binabalik-balikan ng mga hindi tagarito?
 - » Saan ito matatagpuan? Mapa?
 - » Bakit ito laging pinupuntahan?
 - » May kuwento ba sa likod ng lugar na ito?
 - ◇ Mga kuwentong bayan
 - » May "urban legend" ba sa bayang ito? May kuwentong-bayan bang sikat sa lugar na ito? Alamat?
 - » Bakit ito tumagal hanggang sa kasalukuyan?
 - » May halaga ba ito sa bayan? O sa kasaysayan ng bayan?
 - » Kapani-paniwala ba ito?
 - » Ano ang reaksiyon ng karamihan sa mga kuwentong ito?

- ◇ Sining ng bayan
 - » May mga sikat ng eskultura ba sa bayan? Sikat na obra?
 - » Sino ang may gawa?
 - » Saan ito matatagpuan?
 - » Bakit ito sumikat?
 - » Ano ang kuwento sa likod ng mga obrang ito?
- ◇ Mga larong pambata na sikat sa bayan
 - » Ano-anong laro ang pinagkakaabalahan ng mga bata?
 - » Paano ito nilalaro?
 - » Bakit ito ang laging nilalaro?
 - » Matagal na bang laro ang mga ito? Bakit ito tumagal?
- ◇ Mga kabuhayan sa bayan
 - » Paano kumikita ang mga tao sa inyong bayan?
 - » Ano ang karaniwan nilang pinagkakakitaan?
 - » Bakit ito ang karaniwang trabahong makikita rito?
 - » May kauganayan ba ang mga trabahong ito sa kasaysayan ng bayan? Sa lugar?
 - » Sa inyong palagay, mapapaunlad ba nito ang inyong bayan?
- Payuhan na magsaliksik sa pamamagitan ng:
 - > Pagpunta sa silid-aklatan ng bayan
 - > Makipanayam sa kanilang mga magulang at iba pang nakatatanda
 - > Makipanayam sa ilang opisyal ng bayan
 - > Makipanayam sa mga may-ari o namamahala ng lugar na pupuntahan
 - > Pagkuha ng mga larawan
- Ipapasa ang mga ulat sa kanilang nasasaliksik sa huling sesyon ng Linggo 26.

Buod ng Linggo 25

Linggo	25	Lunsarang Teksto	"Pandesal" sipi mula sa 101 Filipino Icons
Tema	Mga Tunggalian		
Batayang Pangnilalaman	Batayang Kakayahan	Lingguhang Tunguhin	
Pag-unawa sa Napakinggan (PN)	PN3A	PN3Aa	
Pagsasalita (PA)	PA3C	PA3Ca	
Pag-unawa sa Binasa (PB)	PB3B	PB3Bb	
Pagsulat (PU)	PU3A	PU3Aa, PU3Ab, PU3Ac, PU3Ad	
Tatas	TA1-4C, TA1-4D		
Pakikitungo sa Wika at Panitikan	PW1-4A, PW1-4B		
Estratehiya sa Pag-aaral	EP1-4A, EP1-4B		

LINGGO 25

Araw	Panimulang Pagtaya	Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 1		Sorpresang pandesal! (10 minuto)	Pagbasa ng akda (15 minuto)	Talakayan tungkol sa binasa at paggawa ng talahanayan (35 minuto)			
Araw 2		Balikan ang talahanayan (5 minuto)	Depinisyon at ilang halimbawa ng di-katha (25 minuto)	Pangkatang Gawain (30 minuto)			
Araw 3						Pagsulat ng di-katha (60 minuto)	
Araw 4							Pagtataya sa Pagtataya (60 minuto)

I. Mga Kagamitan

Unang Araw

- Manila paper
- Marker
- Mga kopya ng akdang, "Pandesal"

Ikalawang Araw

- Manila paper mula sa nakaraang araw
- Marker
- Iba't ibang halimbawa ng mga akdang di-katha

Ikatlong Araw

- Papel at panulat

II. Pamamaraan

Unang Araw

- Introduksiyon (10 minuto)

Sabihin sa klase na may sorpresa ka para sa kanila. Maglabas ng isa o dalawang balot ng pandesal na paghahati-hatian ng klase. Hayaan silang kumain habang tinatanong mo sila tungkol sa mga karanasan nila sa pandesal. Madalas ba nila itong agahan? Napag-uutusan ba silang bumili ng pandesal? Saan sila karaniwang bumibili ng pandesal? Ano ang karaniwan nilang ipinapalaman sa pandesal?

- Presentasyon (15 minuto)

Ipabasa sa mga bata ang akdang, "Pandesal."

- Pagpapayaman (35 minuto)

Talakayin ang kanilang binasa. Tanungin ang mga mag-aaral kung anong bagong impormasyon ang nalaman nila tungkol sa pandesal dahil sa pagbasa sa akda. Tanungin rin sila kung ano ang katangian ng akdang ito: tulad ba ito ng ibang akdang binasa nila noong nakaraang mga linggo? Bakit kaya hindi ito katulad ng ibang akda?

Para matulungan silang maalala ang ibang akdang binasa nila, magbigay ng mga halimbawa mula sa mga binasa nila. Magsama ng iba't ibang anyo ng panitikan (kuwentong pambata, maikling kuwento, tula, kuwentong bayan, atbp). Gumawa ng talaan sa Manila paper na may tatlong hanay:

Pamagat	Anyo ng Panitikan	Mga Katangian

Sa ikatlong hanay, tanungin sila kung ano ang mga napansin nilang katangian ng mga akdang nabasa na nila nang hinggil sa mga tauhan, estilo ng paglalahad/pagsasalaysay, pakay at estruktura.

Ikalawang Araw

a. Introduksiyon (5 minuto)

Ipaskil muli ang talahanayang ginawa noong nakaraang araw. Balikan ang impormasyong nakalagay sa talahanayan.

b. Presentasyon (25 minuto)

Idagdag ang akdang "Pandesal" sa talahanayan. Itanong kung ano sa palagay nila ang anyo ng panitikan na kinabibilangan ng "Pandesal." Ipakilala ang di-katha bilang anyo ng panitikan. Bigyan ng depinisyon ang di-katha:

- Ang mga akdang di-katha ay tungkol sa mga totoong tao, bagay o pangyayari. Hindi maaaring maapektuhan ng imahinasyon ng manunulat ang akdang di-katha.
- Pakay ng akdang di-katha na magbigay impormasyon, magpaliwanag, at mang-udyok.

Magbigay ng iba pang halimbawa ng di-katha: *memoir*, *talambuhay*, *sanaysay*, *talumpati*, mga artikulo sa diyaryo at Internet, at mga nilalaman ng kanilang teksbuk.

c. Pagpapayaman (30 minuto)

Hatiin ang klase sa mas maliliit na grupo. Bawat grupo ay bibigyan ng isang halimbawa ng di-katha. Pag-uusapan ng grupo kung bakit nabibilang ang kanilang teksto sa anyong di-katha. Bigyan ng pagkakataon ang bawat grupo na ibahagi sa klase ang tungkol sa tekstong napunta sa kanila.

Ikatlong Araw

a. Sintesis (60 minuto)

Magdala sa klase ng limang bagay na lagi nilang nakikita (hal. Suklay, watawat ng Filipinas, orasan). Papiliin sila ng isang bagay. Pasulatin sila ng isang akdang di-katha base sa bagay na kanilang pinili. Kung may access sa Internet ang inyong eskuwelahan, maaari silang magsaliksik tungkol sa bagay na kanilang pinili.

Bago pa man magsulat, magpagawa sa kanila ng paksang pangungusap para sa kanilang akda. Pagawain din sila ng balangkas na papaksa.

Ikaapat na Araw

a. Pangwakas na Pagtataya (60 minuto)

Mamili sa mga mungkahing gawain para sa Ikaapat na Araw.

Buod ng Linggo 26

Linggo	26	Lunsarang Teksto	“Pork Empanada” ni Tony Perez
Tema	Mga Tunggalian		
Batayang Pangnilalaman	Batayang Kakayahan	Lingguhang Tunguhin	
Pag-unawa sa Napakinggan (PN)	PN3A, PN4A	PN3Ab, PN3Af, PN3Ag, PN4Ac, PN4Ad, PN4Af	
Pagsasalita (PA)	PA3A, PA3B, PA3C	PA3Aa, PA3Ab, PA3Ac, PA3ABe, PA3Ca, PA3Cb	
Pagsulat (PU)	PU3A	PU3Aa	
Pag-unawa sa Binasa (PB)	PB3A, PB3	PB3Aa, PB3Ab, PB3Ad, PB3Af, PB3Ba, PB3Bb	
Tatas	TA1-4C, TA1-4D		
Pakikitungo sa Wika at Panitikan	PW1-4A, PW1-4B		
Estratehiya sa Pag-aaral	EP1-4A, EP1-4B		

LINGGO 26

Araw	Panimulang Pagtaya	Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 1	Maikling talakayan tungkol sa saloobin ng mga mag-aaral sa kuwento (10 minuto)	Pagbabalik-aral sa mga elemento ng kuwento (15 minuto)	Pagbibigay ng panuto sa pangkatang gawain (25 minuto)				
Araw 2				Pag-uulat (60 minuto)			
Araw 3					Paglalapad sa iba pang larang (20 minuto)	Diskusyon ng kuwento (40 minuto)	
Araw 4				Paggamit ng diksiyonaryo (60 minuto)			

I. Mga Kagamitan

- Kopya ng “Pork Empanada” ni Tony Perez
- Manila paper
- Pangguhit at/o pangkulay

II. Pamamaraan

Unang Araw

- a. Panimulang Pagtaya (10 minuto)
Ano ang naramdaman ninyo sa kuwento? Bakit?
(Tanggapin lang ang mga sagot. Huwag munang prosesuhin.)
- b. Introduksiyon (15 minuto)
Pagbalik-aralan ang mga elemento ng kuwento. Mas mabuti kung manggaling sa mga estudyante ang mga terminolohiya at depinisyon. Mabuti ring tukuyin na ng mga estudyante ang mga ito sa mismong kuwento, ngunit iwan ang mas detalyadong diskusyon sa susunod na sesyon.
TAGPUAN—Ito ang kung saan at kailan nangyari ang kuwento. Ano ito sa kuwento?
PANGUNAHING TAUHAN—Siya ang bida ng kuwento, ang tauhan kung kanino umiinog ang buong salaysay. Sino ito sa kuwento?
PANGUNAHING PROBLEMA—Ito ang problemang hinaharap ng bida. Ito ang bagay na gustong makuha ngunit hindi pa makuha ng pangunahing tauhan. May mga nagsasabi ring ito ang dahilan kung bakit may kuwento. Kung walang problema, walang kuwento tulad ng kung walang kalaban, walang boksing o walang laro. Ano ito sa kuwento?
TUNGGALIAN—Ito ang mga pumipigil sa bida at kung paano niya hinarap ang mga ito.
IBA PANG TAUHAN—Madalas na may relasyon sila sa pangunahing tauhan at sa kaniyang problema at pakikipagtunggali. Sino-sino ang mga ito sa kuwento?
WAKAS—Ito ang kinahinatnan ng pakikipagtunggali ng bida. Nanalo ba siya? Natalo? Nakuha ba niya ang gusto o hindi?
- c. Presentasyon (25 minuto)
Hatiin ang klase sa 8 pangkat. Kailangang gawin ng bawat pangkat ang sumusunod:
 - hanapin sa teksto ang mga detalyeng hinihingi sa kanila;
 - isulat ang mga detalyeng ito sa Manila paper;
 - gumuhit ng larawang magpapakita ng mga detalyeng ito;
 - maghandang bigkasin nang sabay-sabay sa harap ng klase ang bahagi ng tekstong pinanggalingan ng kanilang sagot; at,
 - maghandang magpaliwanag sa klase tungkol sa elemento ng kuwentong napunta sa kanila.

GRUPO 1 Tagpuan

Gumuhit ng mapa mula sa bahay ni Bototoy hanggang sa Frankie's Steaks and Burgers.

GRUPO 2 Pangunahing Tauhan

Iguhit si Bototoy.

GRUPO 3 Nono, Itoc, Radny

Iguhit sina Nono, Itoc, at Radny at ipaliwanag ang relasyon ni Bototoy sa mga ito.

GRUPO 4 Nining

Iguhit si Nining at ipaliwanag ang relasyon ni Bototoy sa kaniya.

GRUPO 5 mga bumibili ng empanada

Iguhit ang lalaki't babaeng bumibili ng empanada, ilarawan ang iba pa nilang katangian, at kung ano ang naging epekto nila kay Bototoy.

GRUPO 6 Problema

Iguhit ang Pork Empanadang gustong-gutsong bilhin ni Bototoy.

GRUPO 7 Tunggalian

Ilarawan ang mga sitwasyon sa kuwentong nakahahadlang kay Bototoy na makapag-ipon ng Php21.00. Ipaliwanag kung paano nilagpasan ni Bototoy ang mga ito.

GRUPO 8 Weytres

Ilarawan ang weytres sa kaniyang puwesto sa Frankie's. Ipaliwanag ang iba pa niyang katangian at ang sarili niyang problema at pinagdaraan.

Sumusunod ang pamantayan/rubrik para sa gawaing ito.

Kabilang sa pagtutulongan ang pagdidiskusyon ng mga estudyante ngayong araw.

10 puntos—kompletong detalye

10 puntos—mabisang pagtatanghal, guhit, at pagpapaliwanag

10 puntos—nagtutulongan ang grupo at nakilahok ang bawat miyembro

d. Paghahanda at Konsultasyon (10 minuto)

Ibigay sa mga pangkat ang nalalabing bahagi ng klase upang maghanda.

Mag-ikot upang gabayan ang mga pangkat sa maaaring nakaligtaan sa teksto.

Tiyaking napaghandaan nila ang larawan, sabayang pagbigkas, at pagpapaliwanag.

Ikalawang Araw

a. Pagpapayaman (60 minuto)

Bibigyan ang bawat pangkat ng 5-8 minuto para sa pag-uulat:

1 minuto para sa paghahanda;

1-2 minuto para sa sabayang pagbigkas;

1-2 minuto para sa paliwanag; at

2-3 minuto para sagutin ang mga tanong ng guro at kamag-aral.

Markahan sila batay sa ibinigay na rubrik.

Ipaliwanag ang markang ibinigay lalo na kung may bawas sa anumang pamantayan.

Magbigay ng takdang-aralin. Paghandain silang magpaliwanag ng kani-kanilang sagot sa tanong na: "Masaya ba ang wakas ng kuwento? Bakit o bakit hindi?"

Ikatlong Araw

a. Sintesis (40 minuto)

Ano ang sagot ninyo sa tanong na ipinabaon ko kahapon?

"Masaya ba ang wakas ng kuwento? Bakit o bakit hindi?"

(Maaaring ituring na Markadong Pagbigkas ang kanilang pagsagot. Iminumungkahing huwag munang markahan ang laman ng kanilang sagot dahil poprosesuhin pa ang mga ito. Gamitin muna ang Rubrik sa Pagsasalita. Hayaan ding maging diskusyon ang pagsagot, kung saan maaaring sang-ayunan, tanggihan, at dugtungan ng mga estudyante ang sagot ng isa't isa.)

1. Mga tanong na pantulong sa unang antas ng diskusyon

(Maaari pa ring isama sa Markadong Pagbigkas.)

a. Paano nakatulong o nakahadlang kay Bototoy ang pinansyal na kalagayan ng kaniyang pamilya? Anong sektor ng lipunan ang kinabibilangan ni Bototoy?

b. Paano nakatulong o nakahadlang kay Bototoy ang iba pang mga tauhan? Sina Nono, Ito, at Radny? Ang mga bumibili ng empanada? Ang mga karibal niya sa puwesto sa Katipunan? Ang weytres? Kabilang sila sa anong sektor ng lipunan?

c. Karapat-dapat bang makuha ni Bototoy ang empanada?

d. Nakuha ba niya ang gusto niya?

e. Sa punto-de-bista ng weytres, masaya ba ang wakas?

f. Sa punto-de-bista nina Bototoy at Nining, masaya ba ang wakas?

2. Pagpoproseso sa kakaibang estilo tungo sa tema ng akda

Maaaring itanong ang sumusunod:

a. Bakit maganda ang kuwentong ito?

b. May kakaibang ginawa ang kuwento. May isang tanong na paulit-ulit na tinatanong sa iba't ibang paraan. Ano ito? (Madalas ka ba sa Katipunan? Natatandaan mo ba siya? Nakakain ka na ba ng pork empanadang iyon? Atbp.)

c. Ano ang epekto ng pagtatanong na ito sa iyo bilang mambabasa? (Isinasali ka sa kuwento. Ginagawa kang saksi sa pangyayari.)

- d. Kung tutuusin, parang ginagawa tayong isa pang tauhan sa kuwento—isang tauhang nakaalam sa tunay na nangyari. Kung gayon, maaaring itanong: Sa punto-de-bista MO bilang saksi at nakaaaalam sa katotohanan, masaya ba ang wakas?
 - e. Kung tauhan ka sa kuwentong saksi sa katotohanan, ano ang gagawin mo?
3. Paglalapat sa sariling buhay
Maaaring itanong ang sumusunod:
- a. Sino-sino sa inyo ang natuwa sa markang nakuha nila sa ulat kahapon?
 - b. Paano kung malaman ninyong hindi ko pala ito ilalagay sa aking talaan ng marka (*record book*) at laro-laro lang iyon? Paano kung malaman ninyong ang mga Manila paper ninyong pinaghirapan ay tinapon ko lang o ginamit kong panggatong dahil nag-ihaw kami kagabi? Ano ang mararamdaman ninyo?
 - c. Mas masaya ka ba noong hindi mo na lang alam? Kung gayon, mas gugustuhin mo bang hindi mo na lang nalaman ang katotohanan?
- b. Pagpapalawig (20 minuto)
1. Mga tanong: “Ano ang masasabi ninyo tungkol sa mga pangyayaring ito?”
 - a. Sa pag-aaral ng sikologong si Richard Wiseman, nalaman niyang hindi nalalalahan ng mga tao ang kaibahan ng mamahalin at mumurahing alak¹.
 - b. Sa pag-aaral naman nina Plassman et al., nalaman na sumasarap ang alak para sa mga tao kapag akala nilang mamahalin ito².
 - c. May mga taong nasasarapan sa 3-in-1 coffee. Ngunit nang masanay na sila sa kapeng brewed, hindi na sila nasasarapan sa 3-in-1 kaya mas malaking gastos na para sumaya sila sa kape.
 - d. May nagsabi na ba sa iyong masarap ang pagkain sa bahay ninyo samantalang mas nasasarapan ka sa pagkain sa labas o sa bahay ng iba? Bakit kaya ganito?
 - e. May bagay ba na ginagawa mo dati noong bata ka pa nang walang ano-ano? Tapos noong tumanda ka na, nalaman mong mali pala ito? Mas gusto mo bang nalaman mong mali o hindi?
 2. Paglalapat sa Bayan at Paglilingkod
Maaaring itanong: “Ano ang masasabi mo ukol sa sumusunod?”
 - a. May mga nagsasabing mas masaya ang mga mahihirap. Sa Bibliya ng mga Kristiyano, sinasabi pa ngang “Mapalad kayong mahihirap sapagkat sa inyo ang kaharian ng Diyos. (Lk 4:16)”
 - b. Ibig bang sabihin nito, dapat panatilihin na lang natin ang kahirapan? Isa sa tatlong Filipino ay mahirap. Mas mabuti bang panatilihin ang estadistikang ito o paramihin pa lalo ang mahihirap?
 - c. Kung ikaw ang nakararanas ng kahirapan ano ang dapat mong gawin upang magkaroon ka ng masayang wakas?
 - d. Kung ikaw naman ang nakakikita sa kahirapan ng iba, ano ang kailangan mong gawin upang magkaroon ka ng masayang wakas?

(Opsyonal: Maaaring ipalabas ang maikling sipi mula sa pelikulang *The Matrix* (1999) ng magkapatid na Wachowski —iyong bahagi kung saan nagdadalawang-isip ang mga tao tungkol sa kung bakit pa nila inalam ang katotohanan. O ang bahagi kung saan pinili ni Neo ang tabletang patungo sa katotohanan.)

¹ <http://www.telegraph.co.uk/science/science-news/8448646/Wine-drinkers-wasting-money-on-expensive-vintages.html>

² <http://www.pnas.org/content/105/3/1050.abstract>

Ikaapat na Araw

a. Pagpapayaman (60 minuto)

Paggamit ng diksiyonaryo

1. Pagbabalik-aral sa paggamit ng diksiyonaryo (30 minuto)

Magbabalik-aral ang mga mag-aaral at guro hinggil sa paggamit ng diksiyonaryo.

Tatalakayin ng guro ang mga sumusunod:

- Paano hanapin sa diksiyonaryo ang isang salita? Bigyang-diin ang paghahanap sa diksiyonaryo ng mga salitang nilalapan.
- Ano ang ibig sabihin ng mga daglat at simbolong makikita sa diksiyonaryo?
- Paano matutukoy kung aling kahulugan ng salita ang angkop para sa salitang tinitingnan?

2. Pagsasanay sa paggamit ng diksiyonaryo (15 minuto)

Ibigay sa mga mag-aaral ang tatlong pangungusap sa ibaba:

- Pumitas siya ng isang ilahas na bulaklak upang magsilbing alaala ng lugar na ito.
- Paso na ang tiket mo para sa diskuwento. Sayang, marami ka pa namang biniling damit.
- Sumalimbay ang makulay na saranggola sa banayad na hangin.

Atasan silang hanapin sa diksiyonaryo ang angkop na kahulugan ng tatlong salita at isulat sa isang pirasong papel. Pagkatapos, subukin nilang gamitin sa isang pangungusap na tiyak na kaiba sa mga halimbawang pangungusap.

3. Pagtalakay ng takdang-aralin: talahulugan (15 minuto)

Ipakilala ang akda sa susunod na linggo: ang *Ibong Adarna*. Sabihin na tiyak na marami silang bagong salitang makakaengkuwentro. Dahil dito, bubuo ang klase ng isang talahulugan para sa akda. Narito ang panuto:

- Basahin sa bahay ang unang bahagi ng *Ibong Adarna*.
- Twing may salitang mababasa ang mag-aaral na hindi niya maintindihan, titingnan niya ito sa diksiyonaryo.
- Sa isang index card, isusulat niya nang malaki ang salitang hindi niya naintindihan sa ibabaw. Sa susunod na linya, isusulat niya ang saknong kung saan niya ito nakita. Sa susunod pang linya, isusulat niya ang kahulugan nito ayon sa diksiyonaryo. Sa susunod na linya, magsusulat siya ng isang simpleng pangungusap na ginagamit ang salita. **Bawat isang index card ay maglalaman ng isang salita lang.** Maaari ding gumamit ng papel sa halip na index card, siguruhin lang na pare-pareho ang sukat ng gagamitin ng klase.

Pagbalik ng mga mag-aaral sa klase, iipunin nila ang mga salitang hinanapan nila ng kahulugan.

Buod ng Linggo 27 at 28

Linggo	27 at 28	Lunsarang Teksto 1	sipi mula sa “Ibong Adarna”
Tema	Mga Tunggalian	Lunsarang Teksto 2	sipi mula sa “Ibong Adarna”
Batayang Pangnilalaman		Batayang Kakayahan	Lingguhang Tunguhin
Pag-unawa sa Napakindingan (PN)	PN3A	PN3Ad, PN3Af, PN3Ag	
Pagsasalita (PA)	PA3A, PA3B	PA3Ac, PA3Ae, PA3Be, PA3Cb	
Pag-unawa sa Binasa (PB)	PB3A, PB3B	PB3Ac, PB3Ad, PB3Ae, PB3Ba, PB3Bb	
Pagsulat (PU)	PU3A	PU3Ae, PU3Af	
Tatas	TA1-4C, TA1-4D		
Pakikitungo sa Wika at Panitikan	PW1-4A, PW1-4B		
Estratehiya sa Pag-aaral	EP1-4A, EP1-4B		

LINGGO 27

Araw	Panimulang Pagtaya	Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 1	Pagbuo ng talahulugan (15 minuto)	Pagtalakay ng kasaysayan ng akda (15 minuto)	Teksto: <i>Ibong Adarna</i> (10 minuto)	Pagsusulat ng <i>Ibong Adarna</i> sa higit na kaswal na wika (20 minuto)			
Araw 2			Teksto: <i>Ibong Adarna</i> (10 minuto)		Talakayan hinggil sa korido at sa tugma at sukat (50 minuto)		
Araw 3			Teksto: <i>Ibong Adarna</i> (10 minuto)			Pagsulat ng korido tungkol sa napakakaraniwang bagay (40 minuto)	Pagbabahagi ng mga korido (10 minuto)
Araw 4							Pagtataya sa Pagtataya (60 minuto)

I. Mga Kagamitan

Kopya ng teksto

II. Pamamaraan

Unang Araw

a. Panimulang Pagtaya (15 minuto)

Kumustahin ang ginawang talahulugan ng klase. Ipaliwanag sa kanila na pagsasama-samahin nila ang ginawa nilang mga kahulugan upang makabuo ng pangklaseng talahulugan para sa *Ibong Adarna*. Ang guro na ang bahala kung anong sistema ang ipagagawa sa klase upang mapagsama-sama ang mga index card nila (maaaring may atasang mag-ayos, maaaring gawing kada grupo, atbp.). Ang mahalaga ay mangyari ang sumusunod:

- Mapagsama-sama at mapagsunod-sunod nang paalpabeto ang mga salita. Kung mayroong mga salitang umuulit, isama pa rin sa talahulugan. Makatutulong ang pagkakaiba-iba ng mga halimbawang pangungusap upang higit na maintindihan ng mga mag-aaral ang salita.
- Makahanap ng isang malikhain at matibay na paraan upang mai-bind ang talahulugan. Tandaan na gagamitin ito ng buong klase. Ipaliwanag sa mga mag-aaral na sila ang gagamit ng talahulugang ito. Iyon ang magsisilbing diksiyonaryo nila para sa pagbabasa ng *Ibong Adarna*. Sa bawat bahaging babasahin nila sa *Ibong Adarna*, madaragdagan pa ang laman ng talahulugang ito.

b. Introduksiyon (15 minuto)

Ipakilala ang *Ibong Adarna* sa mga mag-aaral. Maaaring gawin ng guro ang mga sumusunod:

- Tanungin kung mayroon nang nakakaalam sa kuwento--napanood na sa teatro, pelikula, atbp.
- Tanungin ang mga mag-aaral kung alam nila ang pamagat ng akda. Siguradong sasabihin nila na "*Ibong Adarna*." Ibahagi ang totoong pamagat ng akda: isulat sa pisara ang *Corrido at Buhay na Pinagdaanan nang Tatlong Principeng Magcacapatid na Anac nang Haring Fernando at nang Reina Valeriana sa Cahariang Berbania*
- Ipakilala ang kasaysayan nito:
 - > Walang tiyak na petsa kung kailan isinulat ang tula
 - > Hindi rin alam kung sino ang sumulat ng akda
 - > May ilang naniniwala na si Huseng Sisiw/Jose dela Cruz, ang makatang nagturo kay Francisco Balagtas kung paano tumula, ang nagsulat ng akda
- Balikan ang pamagat. Tanungin sa klase kung ano-ano ang malalaman tungkol sa akda mula sa pamagat.

c. Presentasyon (10 minuto)

Ihanda ang klase upang pakinggan ang *Ibong Adarna*. Sabihin sa kanila na maaari silang magtanong sa kalagitnaan ng pagbabasa, kung mayroon silang hindi naintindihan. Basahin sa klase ang unang bahagi ng *Ibong Adarna*.

d. Pagpapayaman (20 minuto)

Ipakita sa klase ang lumang paraan ng pagkakasulat ng *Ibong Adarna*. Subuking ipaghambing sa klase ang dalawang paraan ng pagsusulat.

- Anong ipinagkaiba sa paraan ng pagkakasulat sa pagitan ng luma at moderno?
- Anong ipinagkaiba sa nilalaman ng luma at moderno?
- Anong ipinagkaiba ng higit na modernong pagkakasulat sa wika ng kasalukuyang panahon?

Ipasulat sa klase ang bawat saknong ng unang bahagi ng *Ibong Adarna* sa isang kontemporaryong wika. Maaaring ito ay wika ng text, jejemon, beki, rap, atbp. Maaaring hindi magtugma, ang mahalaga ay maging pareho ang mensahe ng bawat saknong.

hal.	Ibong Adarna	Ibong Adarna sa Twitter (140 chars)
	Birheng Inang marikit Emperadora sa Langit, tulungan po yaring isip matutong makapagsulit.	@VMary, pakilinaw po ang isip ko pls. #VMarythebest #siVMaryangpinakamaganda #QueenoftheUniverse

Bigyan ng ilang minuto upang magbahagi ang ilang mag-aaral ng kanilang mga isinulat.

Bago matapos ang araw, bigyan sila ng takdang aralin: isulat rin ang ikalawang bahagi ng *Ibong Adarna* sa kontemporaryong wika. Ipapasa nila ito sa susunod na araw.

Ikalawang Araw

a. Presentasyon (10 minuto)

Ihanda ang klase upang pakinggan ang *Ibong Adarna*. Sabihin sa kanila na maaari silang magtanong sa kalagitnaan ng pagbabasa, kung mayroon silang hindi naintindihan. Basahin sa klase ang ikalawang bahagi ng *Ibong Adarna*.

b. Pagpapalawig (50 minuto)

Balikan ang pamagat ng akda. Pagtuunan ng pansin ang salitang *Corrido*. Ipakilala ito sa mga mag-aaral:

- Isa itong tulang kadalasan ay pumapaksa sa matimyas na pag-iibigan, relihiyosong paniniwala, o pantastikong pangyayari.
- Mula sa banyagang padron ang korido, at hinihinalang ginamit lamang ito upang mawala ang kasikatan ng isang anyo ng tula na likas na Filipino: ang *dalit*.

Hayaan ang mga mag-aaral ang makatuklas ng anyo ng korido. Maaaring gamitin ang sumusunod na mga tanong upang magabayan ang mga mag-aaral sa pag-iisip:

1. Ano-ano ang pagkakatugma ng saknong ng *Ibong Adarna* kung anyo ang pag-uusapan?
2. Subuking magbilang: ano-ano ang mga bagay ang pare-pareho ang bilang sa bawat saknong?
3. Subuking pakinggan: ano-ano ang mga bagay na pare-pareho ng tunog sa bawat saknong?

Dapat ay lumitaw ang mga sumusunod (o katumbas):

- Mayroong walong pantig sa bawat taludtod
- Mayroong apat na taludtod sa bawat saknong
- Pare-pareho ang tunog ng dulong pantig sa bawat saknong

Pagkatapos ay talakayin ang ilang bahagi ng *Mahahalagang Tala Tungkol sa Katutubong Tugma at Sukat* (nasa learning package). Bilang guro, siguruhin na hindi lamang ito isang mahabang lektura kundi interaktibong gawain. Maaaring mag-isip ng mga gawain upang makilala ang konsepto ng tugma at sukat sa mga mag-aaral sa kanilang sarili.

Ilang mga halimbawa:

- Bago ituro ang iba't ibang tugma, igrupo ang mga mag-aaral. Bawat grupo ay bibigyan ng sampung salita, kung saan may anim na magkakatugma at may apat na walang katugma. Susubuking tukuyin ng mga mag-aaral kung aling mga salita ang magkakatugma. Ang grupong may pinakamaraming salitang tama ay gagantimpalaan.
- Sa pagtuturo ng sukat, magbigay ng mahahabang pangungusap na kailangang paigsiin ng mga mag-aaral sa isang naglalaman ng tiyak na bilang ng pantig.

Bigyan muli ang mga mag-aaral ng takdang aralin: ipagpapatuloy nila ang pagsusulat ng *Ibong Adarna* sa kontemporaryong wika, ngayon para sa ikatlong bahagi. Ipapasa itong muli sa susunod na araw.

Ikatlong Araw

a. Presentasyon (10 minuto)

Ihanda ang klase upang pakinggan ang *Ibong Adarna*. Sabihin sa kanila na maaari silang magtanong sa kalagitnaan ng pagbabasa, kung mayroon silang hindi naintindihan. Basahin sa klase ang ikatlong bahagi ng *Ibong Adarna*.

b. Pagkakawing (40 minuto)

Balikan ang aralin tungkol sa tugma at sukat. Pagkatapos, sabihin sa mga mag-aaral na kailangan nilang magsulat ng sarili nilang korido. Narito ang mga panuto:

1. Ang isusulat na korido ay hindi bababa sa limang saknong.
2. Ang paksa ng korido ay tungkol sa isang napakakaraniwang bagay o karanasan (paliligo, pagkain, pagbabalat ng saging, atbp.)
3. Tandaan na ang esensiya ng korido ay tungkol sa pantastikong pangyayari--kaya't kailangang lumitaw na pantastiko at kagila-gilalas ang karaniwang karanasang iyon.
4. Huwag kalimutang gumawa ng napakahabang pamagat para sa inyong korido! Maaaring gawing lumang Tagalog ang inyong pamagat para higit na mukhang pantastiko.

hal.,

Ilang saknong ng:

Corrido nang Pacicipagsapalaran nang Dilaw na Lapis na Pudpod na at Cinailangang Gamitan nang Azul na Pang Tasang Cinacalawang na

Mabuting Ama sa Langit
Tibayan ang aking dibdib
Nang aking maipabatid
Ang tadhana nitong lapis
At sa mga nanonood
Tatagan ang inyong loob
Kundi, puso'y mapupudpod
At malulungkot nang lubos...

....

...Ay, dahil napakapurol
Bawat tasa'y napuputol;
Ilang lapis kong baon
Walang imik, ni panaghoy...

Siguruhing mag-ikot habang nagsusulat ang mga mag-aaral upang matulungan sila sa pagsusulat. Mahalaga ang suporta ng guro, lalo na dahil bagong konsepto pa lamang sa kanila ang wastong pagtutugma.

c. Pangwakas na Pagtataya (10 minuto)

Hayaang magbahagi ang ilang mag-aaral ng kanilang ginawang korido sa harap ng klase.

Bigyan muli ang mga mag-aaral ng takdang aralin: ipagpapatuloy nila ang pagsusulat ng *Ibong Adarna* sa kontemporaryong wika, ngayon para sa ikaapat na bahagi. Ipapasa itong muli sa unang araw ng susunod na linggo.

Ikaapat na Araw

a. Proyektong Panturismo (60 minuto)

Ibigay ang oras na ito sa mga pangkat upang trabahuhin ang kanilang proyekto.

LINGGO 28

Araw	Panimulang Pagtaya	Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 1	Pagbabahagi ng ilang naisulat na kontemporaryong <i>Ibong Adarna</i> (15 minuto)	Ano nang nangyari sa mga tauhan natin? (20 minuto)	Teksto: <i>Ibong Adarna</i> (10 minuto)	Talakayan tungkol sa <i>Ibong Adarna</i> (15 minuto)			
Araw 2			Teksto: <i>Ibong Adarna</i> (10 minuto)		Talakayan tungkol sa pagkakaiba ng kapalaran ng tatlong magkakapatid (20 minuto)	Pagsusulat ng sanaysay na naghambing sa tatlong magkakapatid (30 minuto)	
Araw 3			Teksto: <i>Ibong Adarna</i> (10 minuto)				Pagsulat ng sanaysay tungkol sa <i>Ibong Adarna</i> (50 minuto)
Araw 4							Proyektong Panturismo (60 minuto)

I. Mga Kagamitan

Kopya ng teksto

II. Pamamaraan

Unang Araw

- a. Panimulang Pagtaya (15 minuto)
Para sa bawat bahagi ng *Ibong Adarna*, pumili ng mga mag-aaral na magbabahagi ng kanilang mga naisulat na kontemporaryong bersiyon.
- b. Introduksiyon (20 minuto)
Gumawa ng *timeline* sa pisara. Sa tulong ng klase, balikan kung ano na ang nangyari sa mga tauhan ng *Ibong Adarna*. Dahil nagbibigay ng tiyak na panahong lumipas ang teksto ng *Ibong Adarna*, tiyakin rin na eksakto ang panahong nakalagay sa *timeline*.
- c. Presentasyon (10 minuto)
Ihanda ang klase upang pakinggan ang *Ibong Adarna*. Sabihin sa kanila na maaari silang magtanong sa kalagitnaan ng pagbabasa, kung mayroon silang hindi naintindihan. Basahin sa klase ang ikaapat na bahagi ng *Ibong Adarna*.

d. Pagpapayaman (15 minuto)

Pag-uusapan ng klase ang mahahalagang pangyayari sa nakaraang apat na bahagi ng *Ibong Adarna*. Narito ang ilang maaaring gamiting gabay na tanong at gawain:

1. Ano ang pangunahing suliranin ng korido?
2. Ano ang paraan upang malutas ang suliranin?
3. Ano-ano ang naging balakid upang malutas ang mga suliraning ito?
4. Naisulat ang *Ibong Adarna* noong panahon ng pananakop ng mga Kastila. Sa paanong paraan kaya nito naipakikita ang kalagayan ng panahong iyon?

Bigyan muli ang mga mag-aaral ng takdang aralin: ipagpapatuloy nila ang pagsusulat ng *Ibong Adarna* sa kontemporaryong wika, ngayon para sa ikalimang bahagi. Ipapasa itong muli sa unang araw ng susunod na linggo.

Ikalawang Araw

a. Presentasyon (10 minuto)

Ihanda ang klase upang pakinggan ang *Ibong Adarna*. Sabihin sa kanila na maaari silang magtanong sa kalagitnaan ng pagbabasa, kung mayroon silang hindi naintindihan. Basahin sa klase ang ikalimang bahagi ng *Ibong Adarna*.

b. Pagpapalawig (20 minuto)

Magpatulong sa mga mag-aaral sa paggawa ng isang tsart kung saan ipinaghahambing ang tatlong magkakapatid na si Don Pedro, Don Diego, at Don Juan. Paghambingin ang pisikal na anyo, ugali, katangian, at tadhana.

c. Pagkakawing (30 minuto)

Magsusulat ang mga mag-aaral ng maigsing sanaysay na pinagkukumpara ang tatlong magkakapatid. Pabigyang-diin ang pagkakaiba ng tadhana ng tatlo, at kung sa tingin ba nila ay nararapat para sa bawat tauhan ang tadhanang iyon.

Ikatlong Araw

a. Presentasyon (10 minuto)

Ihanda ang klase upang pakinggan ang *Ibong Adarna*. Sabihin sa kanila na maaari silang magtanong sa kalagitnaan ng pagbabasa, kung mayroon silang hindi naintindihan. Basahin sa klase ang ikalimang bahagi ng *Ibong Adarna*.

b. Pangwakas na Pagtataya (50 minuto)

Ngayong natapos na ng mga mag-aaral ang pagbabasa ng ilang bahagi ng *Ibong Adarna*, pagsulatin sila ng isang sanaysay na nagsusuri ng teksto. Ipaliwanag na hindi kinakailangang ang buong teksto ng *Ibong Adarna* ang susuriin nila; maaari silang pumili ng isang espisipikong paksa at iyon ang pagtuunan ng pansin.

Ilang halimbawang paksa:

- Larawan ng Isang Pamilya: Ang Pamilya de Berbanya
- Ang Halaga ng Sakripisyo
- Ang Konsepto ng Tadhana Ayon sa *Ibong Adarna*

Ikaapat na Araw

a. Proyektong Panturismo (60 minuto)

Ibigay ang oras na ito sa mga pangkat upang trabahuhin ang proyekto.

Buod ng Linggo 29

Linggo	29	Lunsarang Teksto 1	"Magkabilaan" ni Joey Ayala
Tema	Mga Tunggalian		
Batayang Pangnilalaman		Batayang Kakayahan	Lingguhang Tunguhin
Pag-unawa sa Napakinggan (PN)	PN3A	PN3Aa, PN3Ag	
Pagsasalita (PA)	PA3B	PA3Be	
Pag-unawa sa Binasa (PB)	PB3A	PB3Af	
Pagsulat (PU)	PU3A	PU3Aj	
Tatas	TA1-4C, TA1-4D		
Pakikitungo sa Wika at Panitikan	PW1-4A, PW1-4B		
Estratehiya sa Pag-aaral	EP1-4A, EP1-4B		

LINGGO 29

Araw	Panimulang Pagtaya	Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 1	Talakayan tungkol sa salitang "kabilaan" (10 minuto)	Pagtalakay tungkol kay Joey Ayala at sa tema ng kaniyang mga awit (10 minuto)	Pagpapakinig ng awit na "Magkabilaan" (15 minuto)	Talakayan tungkol sa awit na pinakinggan (15 minuto)	Paggawa ng representasyon ng isang bagay o konsepto na magkabilaan (10 minuto)		
Araw 2		Laro na may kaugnayan sa mga opinyon (15 minuto)	Pagtalakay tungkol sa pagmamahal sa bayan at sa mga opinyon nila tungkol dito (15 minuto)	Pagsulat ng sanaysay tungkol sa pagmamahal sa bayan (30 minuto)			
Araw 3			Pagbabahagi ng mga sinulat na sanaysay (20 minuto)			Simpleng sarbey tungkol sa pagmamahal sa bayan (25 minuto)	Pagbabahagi ng resulta ng sarbey (15 minuto)

Araw	Panimulang Pagtaya	Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 4							Pagtataya sa Pagtataya (60 minuto)

I. Mga Kagamitan

Unang Araw

- Kopya ng awit na “Magkabilaan” ni Joey Ayala
- Mga gamit sa paggawa ng representasyon (depende sa guro)

Ikalawang Araw

- Papel at panulat para sa sanaysay

Ikatlong Araw

- Papel at panulat para sa sarbey

II. Pamamaraan

Unang Araw

- Panimulang Pagtaya (10 minuto)

Magpapakita ang guro ng isang bagay na malaki tulad ng bola o aklat. Ilalagay ang gamit sa gitna ng klase at tatanungin ang iba’t ibang mag-aaral kung ano ang nakikita nila mula sa puwesto nila. Pagkatapos magbahagi ng mga mag-aaral, ipakikita ng guro ang salitang “magkabilaan” at susubukin ng mga bata na ipaliwanag ang salitang ito mula sa pagbabahaging ginawa nila.

- Introduksiyon (10 minuto)

Ipakikilala ang awit na “Magkabilaan” ni Joey Ayala ngunit bago nila pakinggan, pag-uusapan muna ng klase ang mga awit ni Joey Ayala. Ipakikita ang iba pang awit at susuriin ito ng mga bata. Maaaring sabihin na ng guro ang mensahe ng iba pang awit ni Joey Ayala.

Pamagat	Mensahe
Karaniwang Tao	
Magkaugnay	
Magkabilaan	

Sa pamamagitan ng pakikinig sa awit na “Magkabilaan,” aalamin nila ang mensahe nito at tatalakayin ito pagkatapos.

- Presentasyon (15 minuto)

Pakikinggan ang awit na “Magkabilaan” ni Joey Ayala nang isa o dalawang beses. Maaaring bigyan ang bawat bata ng kopya o magkabit ang guro ng malaking kopya sa pisara. Maaari ding paawitin ang mga bata sa ikalawang beses ng pagpapatugtog ng awit.

- Pagpapayaman (15 minuto)

Tatalakayin ng klase ang awit na napakinggan:

- Ipaliwanag ang kahulugan ng unang linya “Ang katotohanan ay may dalawang mukha.”
- Ano naman ang kahulugan ng “Kapag nawala ang isa, ang isa’y di mababatid” sa ikalawang sakanong ng awit?
- Bakit kaya sinasabi ng awit na magkabilaan ang ating mundo?
- Base sa awit, masasabi ba ninyong pantay-pantay ang mga tao sa ating mundo? Paano ninyo nasabi?

5. Sinasabi ng awit na dapat tayo ay kailangang pumanig sa kanan o sa kaliwa upang hindi maipit sa gitna. Sang-ayon ka ba dito? Bakit o bakit hindi?
 6. Paano mo mailalarawan ang mga taong pinipiling manatili sa gitna?
 7. Ibigay ang kabuuang mensahe ng awit base sa iyong sariling pagkaunawa.
- e. Pagpapalawig (10 minuto)
- Bawat mag-aaral ay bibigyan ng isang buong papel. Itutupi ito sa gitna. Lisip sila ng isang bagay na magkabilaan at iguguhit nila ito sa papel. Halimbawa, maaari silang gumuhit ng lapis. Iguguhit nila ang dulong panulat sa isang bahagi ng papel at ang dulong pambura naman sa kabilang bahagi ng papel. Lisip sila ng maaaring simbuluhin nito sa buhay. Maaaring ang lapis ay mag-asawang hindi maaaring paghiwalayin tulad ng lapis at ang pambura nito ngunit hindi ibig sabihin na mas mahalaga ang isa sa kanila. Maaari pang maging malikhain ang mga mag-aaral sa paggawa nito.

Ikalawang Araw

- a. Introduksiyon (5 minuto)
- Bilang panimula, maglalaro ang klase. Magkakaroon ng apat na upuan sa harapan na maaari nilang pilahan. Lalagyan ito ng mga titik na A, B, C, at D. Magbibigay ang guro ng mga tanong na maaaring opinyon ang isagot. Pipila ang mga mag-aaral sa tingin nila ay tamang titik at pipili ang guro ng isang mag-aaral sa bawat titik upang ipaliwanag ang sinagot nila. Halimbawa ng mga maaaring itanong:
1. May isang batang bumubili ng tsokolate at ang binili niya ay ang tsokolateng galing sa ibang bansa. Ano ang masasabi mo sa bata?
 - A. Lyon ang paborito niyang tsokolate.
 - B. Hindi niya mahal ang Filipinas.
 - C. Ayaw niya ng mga produktong galing Filipinas.
 - D. Nais niyang tikman ang tsokolateng iyon.
 2. Tahimik ang bata sa klase. Ano ang masasabi ninyo sa kaniya?
 - A. Hindi siya palakaibigan.
 - B. Mahiyain siya.
 - C. Hindi niya naiintindihan ang mga sinasabi ng guro.
 - D. May sakit siya.
- Ipaliwanag pagkatapos ng laro na walang maling sagot sa mga itinanong dahil ang mga sinagot nila ay ang kanilang opinyon tungkol sa sitwasyon. Maaaring magkaroon ng maikling talakayan tungkol sa kahalagahan ng opinyon at paano ito dapat tignan sa isang mundong sinasabing "magkabilaan."
- b. Presentasyon (15 minuto)
- Papangkatin ang klase. Bawat pangkat ay maglilista ng mga paraan kung paano maipakikita ang pagmamahal sa bayan. Ilalahad ng pangkat ang mga inilista nila at maaaring talakayin ng klase kung mahalaga nga ba ang isinulat ng bawat pangkat. Maaari ding tanungin ang opinyon ng mga mag-aaral tungkol sa pangangibang bansa, pagtangkilik sa mga produktong banyaga at sa iba pang isyu na may kaugnayan sa pagmamahal sa bayan. Maaaring pagkasunduin ang klase para sa isang listahan lamang ng mga paraan kung paano maipakikita ang pagmamahal sa bayan.
- c. Pagpapayaman (30 minuto)
- Susulat ang mga mag-aaral ng isang sanaysay tungkol sa pagmamahal sa bayan. Maaaring magbigay ang guro ng mas maliit o tiyak na paksa na may kaugnayan o malapit sa nasabing panlahat na paksa.

Ikatlong Araw

a. Presentasyon (20 minuto)

Ibabahagi ng ilang mag-aaral ang isinulat nilang sanaysay noong nakaraang pagpupulong. Maaari ding magbigay ng komento o papuri ang mga kaklase nila.

b. Sintesis (25 minuto)

Mula sa ginawang listahan ng klase noong nakaraang pagpupulong, magsasagawa sila ng sarbey tungkol sa pagmamahal sa bayan. Maaaring magtalaga ng pangkat na magsasarbey sa mga guro, sa mga nasa baitang pito, sa mga nasa baitang walo, baitang siyam at baitang sampu. Tutukuyin ng klase kung sa paanong paraan naipakikita ng mga tao sa kanilang paaralan ang pagmamahal sa bayan. (Maaaring magkaroon ng ibang layunin ang sarbey depende sa guro basta't hindi lumalayo sa paksa.)

c. Pangwakas na Pagtataya (15 minuto)

Lalahatin ng klase ang mga resulta ng kanilang sarbey. Maaaring sumulat ng isa hanggang dalawang talata ang bawat pangkat upang ilahad ang kinahinatnan ng kanilang sarbey.

Ikaapat na Araw

a. Pangwakas na Pagtataya (60 minuto)

Mamili sa mga mungkahing gawain para sa Ikaapat na Araw.

Buod ng Linggo 30

Linggo	30	Lunsarang Teksto	"Nang Maging Mendiola Ko Ang Internet Dahil Kay Mama" ni Abegail Joy Yuson Lee
Tema	Mga Tunggalian		
Batayang Pangnilalaman	Batayang Kakayahan	Lingguhang Tunguhin	
Pag-unawa sa Napakindingan (PN)	PN3A	PN3Aa, PN3Ab, PN3Ac, PN3Ae, PN3Ag	
Pagsasalita (PA)	PA3A, PA3B	PA3Ba, PA3Bb, PA3Bc, PA3Bd, PA3Be, PA3Cb	
Pagsulat (PU)	PU3A	PU3Ag, PU3Ah, PU3Ai, PU3Aj	
Pag-unawa sa Binasa (PB)	PB3B	PB3Aa, PB3Ac, PB3Ae, PB3Ae, PB3Af	
Tatas	TA1-4A		
Pakikitungo sa Wika at Panitikan	PW1-4A, PW1-4b		
Estratehiya sa Pag-aaral	EP1-4A, EP1-4b		

LINGGO 30

Araw	Panimulang Pagtaya	Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 1	FB Status- Ano ang nasa isip mo? (10 minuto)		Pagbabasa ng akda nang malakas (20 minuto)	Pagtalakay sa nilalaman, uri, at kaayusan ng teksto (20 minuto)	Pagsulat ng sariling karanasan (10 minuto)		
Araw 2			Panonood ng "Word of The Lourd: Mendiola 25" (5 minuto)	Paghahambing ng Mendiola at Facebook (15 minuto)	Pagsulat ng "blog entry" sa papel at pag-dedesenyo (40 minuto)		
Araw 3					Pagbabahagi ng blog entry (10 minuto)	Debate: Sang-ayon o salungat sa paggamit ng Facebook (10 minuto)	Bagong FB status- Ano ang nasa isip mo? (10 minuto)
Araw 4							Pagtataya sa Pagtataya (60 minuto)

I. Mga Kagamitan

Unang Araw

- Kopya ng "Nang Maging Mendiola Ko Ang Internet Dahil Kay Mama" ni Abigail Joy Yuson Lee
- Papel

Ikalawang Araw

- Manila paper o kartolina, mga pangkulay
- Kopya ng Word of the Lourd: Mendiola 25 Episode
- Papel

Ikatlong Araw

- Ginupit na papel na naglalaman ng "Sang-ayon" o "Salungat"
- Ginupit na mga papel para sa komentaryo

II. Pamamaraan

Unang Araw

- Panimulang Pagtataya (10 minuto)
Magsulat ng "Ano ang nasa isip mo ngayon?" sa pisara.

Tanungin ang mga bata kung ano ang isusulat nila bilang "status update" kung sila ay nakaharap sa kompyuter sa oras na iyon at nasa Facebook. Magtawag ng ilang batang

magsusulat ng kanilang nararamdaman, naiisip, o ninanais. Maaaring talakayin ang mga status updates o tweets (mula sa Twitter) na kanilang nabasa sa nakalipas na araw.

b. Presentasyon (20 minuto)

Maaaring magkaroon ng maliit na kompetisyon kung saan may anim na kalahok. Puwedeng sabihin na ensayo lang ang magaganap at puwede pa itong ulitin sa Ikaapat na Araw. Bawat isang bata ay magbabasa ng dalawang talata. Boboto ang bawat mag-aaral ng pinakamahusay na mambabasa.

Isulat sa pisara ang mga dapat nilang tandaan habang nagbabasa: (Halimbawa: Gumamit ng tamang tono. Bigyang diin ang mga importanteng salita. Huminto kung kinakailangan. Hinaan o lakasan ang boses kung kinakailangan.)

Bigyan ng 5 minuto ang lahat para basahin ang sanaysay nang tahimik. Magtawag ng mga magbabasa ng talata.

c. Pagpapayaman (20 minuto)

Talakayin ang nagsasalita sa akda, ang nilalaman at uri nito. Pansinin rin kung may kaisahan, kabuuan at kahusayan ang sanaysay. Maaaring itanong ang mga sumusunod:

1. Anong uri ng akda ang "Nang maging Mendiola ko ang Internet Dahil kay Mama?" Bakit mo nasabing sanaysay ito at hindi kuwento?
2. Masasabi mo bang mahusay ang pagkakasulat nito? Mayroon bang kaisahan, kabuuan, kaayusan ang akda?
3. Sino ang nagsasalita sa akda? Anong taon kaya ito sinulat?
4. Ano ang mga tunggaliang makikita sa akda?
5. Paano niya tinugunan ang mga tunggaliang ito?
6. Tama ba ang kaniyang pagtugon? Ano pa ang maaari niyang gawin?
7. Balikan ang mga akdang natalakay at akdang nagmula sa iyong bayan, may tauhan bang katulad mag-isip ng nagsasalita sa sanaysay? May mga tunggalian bang kahawig ang mga nilatag na tunggalian sa akda?

d. Pagpapalawig (10 minuto)

Tanungin ang mga bata kung may pagkakataon bang naranasan din nila ang mga problemang naranasan ng nagsasalita sa akda. Atasan silang sumulat ng isang partikular na karanasan na nagpapakita ng isa sa mga sumusunod:

- a. Binigyan tayo ng Diyos ng bibig para makapagsalita at utak para makapag-isip.
- b. Ang lahat naman ay magagawan ng paraan.
- c. Hindi dapat magkaroon ng diskriminasyon sa pagsasalita.
- d. Ang Internet ang nagsisilbing Mendiola ko at naming mga kabataan ngayon.

Ikalawang Araw

a. Presentasyon (5 minuto)

Panoorin ang clip mula sa "Word of the Lourd" WOTL EP170 Mendiola 25. Maaaring panoorin mula sa Youtube. Narito ang link: <http://www.youtube.com/watch?v=tztm5NINYyg>

b. Pagpapayaman (15 minuto)

Pag-usapan ang napanood na dokumentaryo. Humingi ng mga saloobin at ilang pagbabahagi ng kaalaman tungkol sa Mendiola mula sa mga mag-aaral.

Pasulatin ang mga mag-aaral ng limang pangungusap na naghahambing sa Internet at sa Mendiola.

c. Pagpapalawig (40 minuto)

Kung kayo ay gagawa ng "blog entry" o akdang ilalagay sa Internet tungkol sa isang napapanahong isyu sa iyong bayan o bansa, ano ang isusulat ninyo dito? Paano niyo pagagandahin ang inyong "blog?" Gawin ito sa isang bond paper o isang buong intermediate paper.

Blog ni Haraya



Ika-15 ng Mayo, 2011

Click. Click. Click. Sino nga ba ang mag-aakala na sa isang pindot lang ng hintuturo sa mga makabagong makinarya, abot-kamay na ang lahat ng kasagutan sa isang takdang aralin? Sa isang pindot lang, lahat ng impormasyon tungkol sa iba't-ibang asignatura, mga plataporma sa politika, mga maiinit na balitang artista at lahat ng pwedeng malaman tungkol sa kung anu-anong bagay. Maging ang pinakatatagong lihim ng nakatabi mo sa sakayan ng dyip habang papunta ka sa dapat mong puntahan ay maaari mong malaman sa isang pindot lang.

-Maria Bettina Clare N. Camacho

Ikatlong Araw

a. Pagtataya (10 minuto)

Magtawag ng mga magbabahagi ng kanilang "blog entry" na ginawa kahapon at ipaliwanag ang mga retratong ginuhit.

Puwedeng ipaskil ang mga ginawang "blog entry" sa silid-aralan at hikayatin ang mga batang magkabit o magdikit ng mga komentaryo dito bago matapos ang araw.

b. Sintesis (40 minuto)

Hatiin ang mga mag-aaral sa mga pangkat na binubuo ng 5 kasapi para sa isang impormal na debate. Dapat ang bilang ng lahat ng pangkat ay 8, 10, 12 o even number para sa dalawang panig ng debate.

Bawat pangkat ay bubunot ng panig: sang-ayon o salungat sa paggamit ng mga kabataan ng Facebook. Bigyan ng ilang minuto para maghanda ang bawat grupo.

Bumuo ng isang grupong sang-ayon at isang grupong salungat na magdedebate sa loob ng sampung minuto. Bibigyan ng isang minuto bawat isang bata upang ipagtanggol ang kaniyang nabunot na panig. Pagkatapos, magtawag ng panibagong grupo mula sa sang-ayon at isa mula sa salungat hanggang lahat ng grupo ay makapagdebate.

c. Pangwakas na pagtataya (10 minuto)

Muling isulat ang "Ano ang nasa isip mo ngayon?" sa pisara at muling gawin ang mga hakbang sa Panimulang Pagtataya para sa Unang Araw.

Ikaapat na Araw

a. Pangwakas na Pagtataya (60 minuto)

Ilan sa mga maaaring gawin sa araw na ito:

1. Ulitin ang pagbabasa--Sa unang araw, nagkaroon ng "ensayong" pagbabasa. Gawin itong muli at bigyan ng pagkakataon ang ibang batang magbasa nang malakas. Maaaring pumili ng mga hurado mula sa klase. Isulat muli sa pisara ang mga batayan sa mahusay na pagbabasa. Puwedeng tumagal ng buong araw ang kompetisyon at sarili nilang akda ang basahin. Hindi kailangang mahaba ang sanaysay na isusulat.
2. Simpleng pagtatanong--Itanong sa buong klase kung nagustuhan o nahirapan ba sila sa pagsusulat ng isang blog entry. Sabihin na ang madalas na nilalaman ng blog entry ay impormal na sulatin. Maraming "bloggers" ang nagbabahagi ng kanilang saloobin o opinyon tungkol sa isang napapanahong isyu. Maaaring talakayin ang mga paraan kung paano magiging maayos, malinaw, at nakaaaliw ang isang sulatin.

Tingnan rin ang mga "blog entries" na nakakuha ng pinakamaraming komentaryo. Suriin ang kabuuan ng akda. Bakit kaya ito nakakuha ng maraming papuri mula sa kaniyang mga kamag-aral? Ano ang magagandang katangian ng akda? Paano ba niya sinimulan ang kaniyang akda? Talakayin pa nang husto ang tamang paraan ng pagsusulat.

Hikayatin ang mga mag-aaral na gumawa ng totoong "blog." Ipaalala na kailangang mag-ingat sa mga impormasyon na ilalagay dito. Maaaring talakayin ang mga dapat at hindi dapat isulat at ilagay sa Internet. Talakayin din ang kagandahan at magandang idudulot ng pagkakaroon ng blog.

3. Pangkatang papel--Hatiin ang klase sa mga grupo at ipasulat sa bawat grupo ang pinakanagustuhan nila at pinakamahirap sa ginawang debate. Sino ang pinakamahusay pagdating sa pagpapaliwanag ng kaniyang panig? Bakit ninyo nasabing magaling siya? Magbigay ng 3 hanggang 5 kaklaseng mahusay sa pagdedebate. Ano-ano ang paraan ng kanilang pagsasalita? Talakayin pa nang husto ang tamang paraan ng pagsasalita.